

SULIRANING KINAKAHARAP SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG WIKA
GAMIT ANG MGA PILING TULA

Isang Tesis
Iniharap sa
Kaguruan ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
SAMAR COLLEGE
Lungsod ng Catbalogan

Bilang Bahagi ng mga
Gawaing Itinakda para sa Kursong
MASTER SA SINING NG EDUKASYON
(Filipino)

BERNADETH I. ABANTAO

Abril 2020

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bilang pagtupad sa gawaing itinakda para sa digring Master sa Sining ng Edukasyon, Medyor sa Filipino; itong tesis na Pinamagatang, "**SULIRANING KINAKAHARAP SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG WIKA GAMIT ANG MGA PILING TULA**", na inihanda at iniharap ni **Bernadeth I. Abantao** na pumasa sa Komprehensibong Pagsusulit ay itinagubilin para sa isang Pasalitang Pagsusulit.

CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD
Guro sa Gradwadong Pag-aaral
Tagapayo

Pinagtibay ng Komite ng Pasalitang Pagsusulit noong **Nobyembre 14, 2020** na may markang **PASADO**.

NIMFA T. TORREMORO, PhD
Dekana
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Tagapangulo

IMELDA M. UY, EdD
Pansangay na Tagamasid
Kagawaran ng Edukasyon, Sangay
ng Lungsod ng Catbalogan
Miyembro

GUILLERMO D. LAGBO, DPA
Dalubguro
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-
aaral, Samar College
Miyembro

ROSARIO E. RESMA, MAEd
Dalubguro
Pambansang Paaralan ng Samar
Miyembro

ALLAN L. DACLES, MAEd
Dalubguro
Kagawaran ng Edukasyon, Sangay
ng Samar
Miyembro

Tinanggap bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degring **MASTER SA SINING NG EDUKASYON**, midyur sa Filipino.

NIMFA T. TORREMORO, PhD
Dekana
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusuri

Nobyembre 14, 2020

PAGKILALA

Ang mga sakripisyo at pagmamalasakit ng mga ilang piling tao ay dapat na maipabatid sa bahaging ito upang mabigyang pugay. Hindi naging madali ang pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito na noon ay isang pangarap lamang na binigyang kahulugan ng mga sumusunod:

Sa Tagapayo ng mananaliksik, **Dr. Carmelita C. Abdurahman**, sa lahat ng mga payo hinggil sa pagpapabuti sa nilalaman ng pananaliksik na ito, lalo na sa aspeto ng ispeling ng mga salitang kailangan isalin sa Filipino, sa pagsasaayos sa pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa manuskrito, at sa iba pang mga gawaing ang tanging hangad ay ang mapaganda ang pananaliksik na ito.

Sa Dekana ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, **Dr. Nimfa T. Torremoro**, sa walang sawang pagbibigay ng lakas ng loob at pagsuporta na maisagawa ang pag-aaral na ito hanggang sa mabuo at maging ganap na reyalidad para sa mananaliksik.

Sa bumubuo ng Lupon ng Pasalitang Pagsusulit, **Dr. Imelda M. Uy**, **Dr. Guillermo D. Lagbo**, **Ginang Rosario E. Resma**, at **Ginoong Allan L. Dacles**, sa kanilang metikulusong pagsusuri sa bawat bahagi ng pananaliksik na ito upang mabigyang puna at mapunan ang anumang mga pagkukulang at kahinaan nito, lalo na sa nilalaman at sa porma. Ang teknikal at pangnilalaman na mga suhestiyon ang ginamit upang marebisa ang manuskrito.

Sa Pansangay na Tagamasid ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, **Dr. Carmela R. Tamayo**, sa pahintulot na maisagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral sa Pambansang Paaralan ng Samar.

Sa Punong Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar, **Ginang Ruth D. Cabanganan**, para sa pagbibigay ng suporta sa pagsagawa ng pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagbigay ng pahintulot na maipamigay ang mga talatanungan sa mga mag-aaral at mga gurong tagasagot.

Sa Pinuno ng Departamento ng Filipino ng Pambansang Paaralan ng Samar, **Ginang Joy T. Go**, sa pagiging mapagpasensya at maunawain, lalo na sa mga panahong kinakailangang gawin ang paglikom ng mga datos.

Sa Tagapaglapat Estadistika ng pag-aaral, **Dr. Guillermo D. Lagbo**, sa kanyang malawak at malalim na kaalaman sa paglalapat estadistika na siyang naging matibay na pundasyon upang mabigyang linaw ang mga nilalaman ng manuskrito at masigurong naayon ang mga suliranin sa mga datos.

Sa mga mag-aaral ng ikawalong baitang at mga guro sa Filipino ng Pambansang Paaralan ng Samar, sa kanilang kabutihan, oras, at kaalaman na sagutin ang talatanungan na siyang nakapagbigay ng mga kailangang datos. Ang kanilang suporta ang siyang naging katuparan ng nilalaman ng manuskritong ito.

Sa pamilya ng mananaliksik, lalo na sa kanyang mga magulang, **Ginoong Florentino C. Abantao** at **Ginang Juliet I. Abantao**, sa kanilang pagmamahal, pagtitiwala, at pag-aaruga na siyang bumuo sa kanyang pagkatao at naging dahilan kung ano ang mayroon siya ngayon.

Higit sa lahat, ang mananaliksik ay lubos ang pasasalamat sa **Poong Maykapal** sa Kanyang walang hanggang pagmamahal na nagbigay tibay sa kanyang pagkatao.

B.I.A.

PAGHAHANDOG

*Sa mga taong kasama kong humabi ng
mga pangarap,*

*Tatay Florentino at
Nanay Juliet...*

*Sa mga taong kaagapay ko sa
pakikibaka sa buhay sa araw-araw,*

Ang Aking mga Kapatid...

*Sa Mahal na Panginoon na kasama ko
sa hirap at ginhawa, ng walang pag-
aalinlangan...*

*Ito ang aking munting alay sa inyo.
Maraming Salamat Po!*

Badeth

ABSTRAK

Pamagat ng Tesis	:	SULIRANING KINAKAHARAP SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG WIKA GAMIT ANG MGA PILING TULA
May-Akda	:	BERNADETH I. ABANTAO
Wikang Ginamit	:	Filipino
Uri ng Pananaliksik	:	Tesis
Disiplina	:	Filipino
Programa	:	Master sa Sining ng Edukasyon
Buong Titulo ng Degri	:	Master sa Sining ng Edukasyon (Filipino)
Taon ng Pagkompleto	:	Nobyembre 2020
Keywords	:	Suliranin Pagkatuto ng Wika Pagtuturo ng Wika Wika Tula Pambansang Paaralan ng Samar

Ang pag-aaral na ito ay tinukoy ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo at pagkatuto ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, Taong Punuruan 2019-2020. Ginamit sa pag-aaral na ito ang isang talatanungan upang malikom ang mga datos sa 20 guro at 301 mga mag-aaral na tagasagot.

Tiyak na sinagot sa pag-aaral na ito ang mga katanungan hinggil sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, profayl ng mga guro tagasagot, mga suliranin ang kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro batay sa kanilang sariling pananaw at ng mga mag-aaral na tagasagot, at akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa mean percentage scores (MPS) sa una at pangalawang kwarter.

Tinuos din sa pag-aaral na ito kung mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro, at kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at ang profayl baryet ng mga guro tagasagot at profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot; at sa pagitan ng akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro.

Ayon sa kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral, hindi gaanong nararanasan ng mga guro tagasagot ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum batay sa tamtamang tinaya sa 2.03. Sa kabilang

dako, itinuring na madalang maranasan ng mga mag-aaral na tagasagot ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum batay sa tinayang tamtaman na 2.72.

Sa karagdagan, ang mga gurong tagasagot ay itinuring na hindi gaanong nararanasan ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo batay sa tinayang tamtaman sa 1.97. Samantala, ayon sa mga mag-aaral na tagasagot, ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo ay madalang maranasan ng mga guro batay sa tamtamang tinaya sa 2.69. Sa pagtataya ng mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kawastuhan ng mga pang-ebalwasyong materyal ay itinurin ng mga gurong tagasagot na hindi gaanong nararanasan batay sa tamtaman na 1.60. Samantala, ang mga mag-aaral na tagasagot ay itinurin itong madalang maranasan batay sa tamtaman na 2.56.

Napag-alaman din na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may kaaya-ayang akademikong performans sa kadahilanang ito ay lampas sa itinalaga na performans na 75.00 bahagdan. Ipinahiwatig din sa pag-aaral na ito na mayroong mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral na tagasagot

hinggil sa suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum, kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo, at kawastuhan ng mga pang-ebalwasyong materyal batay sa valyu ng p na 0.000 na mas mababa kaysa sa 0.05 na lebel ng kahalagahan.

Napag-alaman din na walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at ang lahat ng kanilang mga profayl baryet. Samantala, tanging ang mga saloobin hinggil sa wikang Filipino lamang ang may mahalagang kaugnayan sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula.

Sa huli, ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ay may kinalaman sa akademikong performans ng mga mag-aaral.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

	Pahina
DAHONG PAMAGAT	i
DAHONG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
PAGHAHANDOG	vii
ABSTRAK	viii
TALAAN NG MGA NILALAMAN	xii
TALAAN NG MGA TALAHANAYAN	xv
TALAAN NG MGA FIGURA	xvii

Kabanata

1	ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO	1
	Panimula	1
	Paglalahad ng Suliranin	6
	Mga Ipotesis	9
	Batayang Teyoretikal	9
	Batayang Konseptwal	17
	Kahalagahan ng Pag-aaral	20
	Saklaw at Delimitasyon	24
	Katuturan ng mga Talakay	25
2	PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL	31
	Kaugnay na mga Literatura	31
	Kaugnay na mga Pag-aaral	42

3	METODOLOHIYA	54
	Disenyo ng Pananaliksik	54
	Lokal ng Pag-aaral	56
	Instrumentasyon	59
	Balidasyon ng Instrumento	61
	Paraang Sampling	61
	Paglikom ng mga Datos	64
	Paglalapad Estadistika ng mga Datos . .	65
4	PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	72
	Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot .	72
	Profayl ng mga Gurong Tagasagot	81
	Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro	89
	Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot hinggil sa mga Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula	104
	Kaugnayan sa pagitan ng mga Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot hinggil sa mga Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng mga Piling Tula at ang Sangkot na Baryet	112
	Akademikong Performans ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Mean Percentage Scores (MPS) sa Una at Pangalawang Kwarter .	134
	Kaugnayan sa pagitan ng Akademikong Performans ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang mga Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula	135

	Mahalang Implikasyon na Nakuha sa Kinalabasan ng Kasalukuyang Pag-aaral .	143
5	LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON	145
	Lagom ng Kinalabasan	145
	Mga Konklusyon	149
	Mga Rekomendasyon	153
	TALASANGGUNIAN	155
	MGA APENDIKS	160
A	Liham Pahintulot sa Pagpapatibay ng Suliranin	161
B	Liham Pagtatakda ng Tagapayo	162
C	Talatanungan para sa mga Mag-aaral na Tagasagot	163
D	Talatanungan para sa mga Gurong Tagasagot .	173
F	Liham Paghingi ng Pahintulot sa Pansangay na Tagamasid ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan	183
E	Liham Paghingi ng Pahintulot sa Punong Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar	184
	KURIKULUM VITA	185

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

Talahanayan	Pahina
1 Mga Mag-aaral na Tagasagot	63
2 Degri ng Linear Relationship	71
3 Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot	73
4 Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot	74
5 Sanligang Edukasyon ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot	76
6 Hanapbuhay ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot	77
7 Huling Marka sa Filipino sa Baitang 7 ng mga Mag-aaral na Tagasagot	79
8 Saloobin sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot	80
9 Gulang at Kasarian ng mga Gurong Tagasagot	82
10 Katayuang Sibil ng mga Gurong Tagasagot	83
11 Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Gurong Tagasagot	84
12 Mataas na Edukasyong Natamo ng mga Gurong Tagasagot	85
13 Dami ng Salingkurang Pagsasanay na Nilahukan ng mga Gurong Tagasagot . .	86
14 Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Gurong Tagasagot	87
15 Saloobin Hinggil sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Gurong Tagasagot	88

16	Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro ayon sa Kaangkupan ng mga Kagamitang Pampagtuturo	91
17	Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro ayon sa Kaangkupan ng mga Gabay Pang-kurikulum	94
18	Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro ayon sa Kasanayan sa Paggamit ng Tula sa Pagtuturo	98
19	Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro ayon sa Kawastuhan ng Pang-Ebalwasyong Materyal	101
20	Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot Hinggil sa mga Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula . .	105
21	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot Hinggil sa mga Suliraning Kinaharap sa Pagtuturo ng mga Piling Tula at ang Profayl Baryet ng mga Gurong Tagasagot	114
22	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot Hinggil sa mga Suliraning Kinaharap sa Pagtuturo ng mga Piling Tula at ang Profayl Baryet ng mga Mag-aaral na Tagasagot	124
23	Akademikong Performans ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Mean Percentage Scores (MPS) sa Una at Pangalawang Kwartar	135
24	Kaugnayan sa Pagitan ng Akademikong Performans ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang mga Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula	136

TALAAN NG MGA FIGURA

Figura		Pahina
1	Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral . .	18
2	Ang Mapa ng Lokal ng Pag-aaral	57

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

Panimula

Mabilis ang pag-usbong ng iba't ibang makabagong paraan sa pagtuturo kaakibat ang paglantad ng iba't ibang pagdulog at estratehiya sa mabisang pagtuturo. Kung kaya nagkakaroon ng mga suliranin kung paano isasagawa ang mabisang pagtuturo. Kaugnay nito ay ang mapawi ang kalituhan hinggil sa mabisang pagtuturo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sapat na kaalaman at pag-unawa sa mga makabagong paraan ng pagtuturo.

Ang wikang Filipino ay ang pambansang wika na itinakda ng Konstitusyon ng Pilipinas. Isinasaad sa Artikulo XIV ng Saligang Batas ng Pilipinas Taong 1987 na ang Filipino ay ang pambansang wika na kailangang payabungin at pagyamanin batay sa umiiral na mga wika ng bansa. Hinihimok din ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbangin upang ibunsod at puspusing itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum sa sistemang pang-edukasyon ng bansa (<https://www.officialgazette.gov.ph>, Nobyembre 30, 2019).

Dahil dito, umaayon ang layunin ng pagtuturo ng wika sa pagbabagong nagaganap sa kurikulum na ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ng bansa. Ayon sa Batayang Edukasyon sa sekundarya ng DepEd, ang isang mabisang

komunikeytor sa Filipino ay yaong nagtataglay ng kasanayang makro, ang pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat. Bukod dito, may kabatiran at kasanayan din siya sa apat na sangkap ng kasanayang komunikatibo gaya ng gramatikal, sosyo-lingwistik, diskorsal at estratijik (Pagkalinawan, 2004:1-7).

Sa umiiral na K to 12 Kurikulum ng mga paaralan sa ngayon, layunin ng pagtuturo sa Filipino na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig (K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino, 2016:3).

Sa kabila ng kahalagahan sa paglinang sa kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral, hindi madaling matutunan ang wika lalo at nasanay ang mga mag-aaral sa bilinggwal na midyum ng pag-aaral kung saan sila ay nakakaranas ng code switching sa pagitan ng Ingles at Filipino sa iba't ibang asignatura. Mas magaling at matatas ang mga Pilipino sa paggamit ng wikang Ingles subalit nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino lalo na pagtuturo nito. Ang isa sa itinuturong dahilan nito ay ang kakulangan sa pag-aaruga at pagsusumikap

na gamitin ang wikang Filipino na ang may kagagawan ay ang mismong mga Filipino na naging bilanggo ng mga maling palagay (Timbreza, 1987).

Sa katunayan, ang kawalan ng sapat na pagpapahalaga sa wikang Filipino ay naging tampok ng mga diskurso hinggil sa pagtanggap sa asignaturang Filipino sa antas tersyarya. Naging maingay ang wikang Filipino dahil sa balak ng Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED) na tanggalin ang nasabing asignatura sa kolehiyo kung saan malayang ginagamit ang Filipino bilang midyum sa kurikulum sa bisa ng CHED Memorandum Bilang 20, Serye ng 2013. Sa nasabing memorandum, ginagawang opsyon na lamang ang pagtuturo ng wikang Filipino sa kolehiyo (Pasion, 2014:1).

Kaugnay nito, hinihikayat ang mga guro na maging malikhain sa pagtuturo ng Filipino gamit ang mga kagamitang panturo upang ang pagtuturo nito ay maging mas masaya at hindi kabagut-bagot. Ang paghikayat na ito ay pinagdidiinan ang kahalagahan ng pag-eksperimento sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ibig sabihin, dapat isaalang-alang ang wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa bahay, sa paaralan, at sa pamayanan. Kailangang bigyang pansin ang mga awtentikong lunsaran sa pagtuturo ng wika, tulad ng mga soap opera at mga diyaryo (Geronimo, 2015:1).

Ang isa sa maaaring maging lunsaran sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ay ang tula. Ang tula ay isang piraso ng sulatin kung saan ang mga salita ay inaayos nang mahusay at may ritmo. Ito ay pumupukaw sa kamalayan ng mga mag-aaral at tumutulong palaguin ang kaalaman sa literatura. Tumutulong din ito upang makapagguhit ng isang imahe ang isang mag-aaral ayon sa kanyang nararamdaman, at matutong magpahayag kung tungkol saan ang kanyang naging obra. Gumagamit din ito ng mga tayutay, pang-uri, mga saknong, at mga matatalinghagang salita upang ipadama ang kariktan nito. Kaugnay nito, mahihinuha ang kahalagahan sa paggamit nito bilang dulong sa pagtuturo ng wika (Mittal, 2014:21-23).

Ngunit hindi maikakaila ang tradisyunal na pananaw hinggil sa tula bilang sopistikado at mataas na uri ng linggwistikong pagpapahayag ang mga dahilan ng hindi madaling pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga ito bilang dulong sa pag-aaral ng wika, maliban sa mga mag-aaral na may mataas na kaalaman sa wika. Subalit hindi matatawaran ang kahalagahan nito sa pagtuturo ng wika lalo na sa pagpapayabong ng bokabularyo; pagpapaunlad ng pagkatuto sa mga tunog, ritmo, at diin; at pagsasaayos ng pagbigkas at kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Sa kabila nito, mayroon ding hindi magandang epekto ang paggamit ng mga tula sa pag-aaral ng wika. Ang paggamit nito ay masyadong maaksaya ng oras at ang mismong

estruktura ng tula ay maaaring mapabagal ng kakayahan sa wika ng mga mag-aaral (Moore, 2012:44-50).

Kung iisipin nang mabuti, mas nakalalamang ang mga positibong epekto ng paggamit ng tula sa pagtuturo ng wika kaysa sa negatibong dulot nito. Sa katunayan, isang pananaliksik ang nagsabing ang paggamit ng tula sa pag-aaral ng wika ay nagbibigay daan sa pagpapayabong sa bokabularyo ng mga mag-aaral, nagpapaunlad sa pagbigkas ng wika, nagpapaibayo sa kaalaman sa gramatika, at nagbibigay ng pagkakataon upang mahasa ang mga kasanayan sa wika (Gonen, 2018:56).

Sa kabilang panig, ang paggamit ng tula sa pag-aaral ng wika ay hindi masyadong napagtuunan ng pansin ng mga guro. Ang mga guro ay may agam-agam sa paggamit ng mga tula sa pagtuturo ng wika dahil sa kahirapang manipulahin ang sangkot na gramatika at lexicon na kailangang maiakma sa ortograpiya at ponolohiya ng wika. Ang paggamit ng mga tula sa pag-aaral ng wika ay kadalasang nag-uudyok sa mga guro na lumihis sa estandard na gamit ng wika. Sa karagdagan, nahihirapan ang mga guro na gamitin ang mga tula sa pag-aaral ng wika dahil sa mga limitadong aralin gamit ang mga tula sa mga aklat, at sa kawalan ng oras at motibasyon na isangkot ang mga tula sa pag-aaral ng wika (McIlroy, 2013:26-31).

Inaasahang ang mga mag-aaral sa ikawalong baitang ay nagpapamalas ng kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-

iisip, pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang iba't ibang akdang pampanitikang Pambansa upang maipagmalaki ang kulturang Pilipino. Kung kaya, susubuking gamitin ang tula sa pagtuturo ng wika. Subalit, kung pagbabatayan ang naitalang mean percentage scores (MPS) sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang na nasa 73.72 para sa Taong Panuruan 2016-2017, 74.10 para sa Taong Panuruan 2017-2018, at 72.67 para sa Taong Panuruan 2018-2019, masasabing hindi naging madali para sa mga mag-aaral sa nakalipas na tatlong taon ang magtala ng mataas na kompetensi sa wika dahil hindi umabot sa istandard na MPS na 75 bahagdan ng DepEd ang mga nabanggit na MPS (K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino, 2016:4).

Ang nabanggit na mababang performans sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ay nangyari sa kabila ng paggamit ng mga iba't ibang panitikan sa pagtuturo nito. Kaugnay nito, ang mananaliksik ay naglayong alamin ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo at pagkatuto ng wika gamit ang mga piling tula bilang lunsaran sa pamamagitan ng kasalukuyang pananaliksik.

Paglalahad ng Suliranin

Tinukoy sa pag-aaral na ito ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo at pagkatuto ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng

Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020.

Sa katiyakan, sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet:

- 1.1 gulang at kasarian;
- 1.2 kabuuang buwanang kita ng pamilya;
- 1.3 sanligang edukasyon ng mga magulang;
- 1.4 hanapbuhay ng mga magulang;
- 1.5 huling marka sa Filipino sa Baitang 7; at
- 1.5 saloobin hinggil sa Wikang Filipino?

2. Ano ang profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet:

- 2.1 gulang at kasarian;
- 2.2 katayuang sibil;
- 2.3 kabuuang buwanang kita;
- 2.4 mataas na edukasyong natamo;
- 2.5 dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan;
- 2.6 bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino; at
- 2.7 saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino?

3. Ano-anong mga suliranin ang kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro batay sa

kanilang sariling pananaw at ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga aspeto:

- 3.1 kaangkupan ng mga instruksiyonal materyal;
- 3.2 kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum;
- 3.3 kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo;
- at
- 3.4 kawastuhan ng mga pang-ebalwasyong materyal?

4. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro?

5. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at ang mga sumusunod:

- 5.1 profayl baryet ng mga gurong tagasagot; at
- 5.2 profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot?

6. Ano ang akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa mean percentage scores (MPS) sa una at pangalawang kwarter?

7. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro?

8. Anong mahalagang implikasyon hinggil sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng wika ng mga guro gamit ang mga piling tula ang maaaring makuha sa kalalabasan ng pag-aaral na ito?

Mga Ipotesis

Batay sa mga tiyak na suliranin, ang sumusunod na mga ipotesis ay sinubok sa pag-aaral na ito:

1. Walang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro.

2. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at ang mga sumusunod:

2.1 profayl baryet ng mga gurong tagasagot; at

2.2 profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot.

3. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro.

Batayang Teyoretikal

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika ng mga guro gamit ang mga

piling tula. Kaugnay nito, tatlong mga teorya ang nagsilbing gabay sa pagsasagawa ng kasalukuyang pag-aaral upang pagtibayin ang mga suliraning inilalahad nito. Ang mga teoryang ito ay ang: Theory of Scaffolding ni Bruner, Theory of Instruction ni Gagne, at Theory of Competency-Based Language Teaching (CBLT) nina Richards at Rodgers.

Ang isa sa mga teoryang nagbibigay suporta sa pag-aaral ay ang Theory of Scaffolding ni Bruner (1978:31-32). Ayon sa nasabing teorya, ang isang mag-aaral kahit sa musmos na gulang ay may kakayahang matuto kung ang panuto ay maliwanag at may kaangkupan. Ayon sa teoryang ito, sa pagsisimulang matuto ng mga bagong konsepto, ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng tulong ng kanilang mga guro at iba pang matatanda sa pamamagitan ng aktibong suporta. Sa simula, ang mga mag-aaral ay nakasalalay sa mga matatanda para sa suporta, ngunit, sa kalaunan, habang sila ay nagkakaisip at nagkakaedad, natututo na silang mag-isip sa kanilang sarili at makapagtamo ng mga bagong kasanayan at kaalaman. Sa sitwasyong ito, unti-unting kumakalas ang suporta sa mga mag-aaral. Ang istrukturang interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at mga taong nagbibigay suporta sa kanila ay ang tinatawag din na scaffolding of learning.

Sa karagdagan, ang scaffold ay sinisiguro na ang mga mag-aaral ay hindi naiiwang matutong mag-isa. Ang suporta o

scaffold ay tinatanggal kung ang mga mag-aaral ay handa nang matutong mag-isa. Kaya ang layunin ng edukasyon ay nakatuon hindi lamang sa pagbibigay ng kaalaman sa mga mag-aaral kundi maging sa paggabay sa kanila na makapagtamo ng mataas na kasanayan sa pag-aanalisa ng mga bagay-bagay. Dahil dito, nararapat na ang mga guro ay gumagawa ng mga paraan upang magkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na patuloy na matuto ng mga bagong bagay o kaalaman. Maaaring ang mga ito ay mga simpleng bagay o mga mas komplikadong bagay. Kaugnay pa rin nito, kailangang alam ng mga guro ang mga pinagdaanang yugto ng pag-unlad ng mga mag-aaral para malaman din ang angkop na suporta o scaffolding na ibibigay (Wood et al., 1976:89-100).

Subalit, may mga pagkakataong kulang ang oras ng mga guro na pagtuunan ng panahon ang pangangailangan ng bawat mag-aaral. Sa ganitong sitwasyon, maaaring ibang uri ng suporta o scaffolding ang ibigay sa mga mag-aaral, maaaring ang kanilang mga magulang o ibang mga bagay na makatutulong sa kanilang pagkatuto. Ang pagtuturo ng wika ay hindi madaling gawin dahil sa mga suliraning kaakibat nito, katulad ng kayarian o istruktura ng wika. Kung tutuusin sasayangin lamang ang oras ng mga guro sa pagtuturo ng wika kung hihintaying magtugma ang pagiging komplikado nito sa kalagayan ng kognitibong pag-unlad ng mga mag-aaral. Kaugnay

nito, ang mga tula ay maaaring gamiting suporta o scaffolding upang mapabilis ang pagtuturo ng wika. Ilan sa mga gawaing kaakibat ng pag-aaral ng wika na maaaring gamitin ang mga tula ay ang: paggawa ng mga workshits sa bokabularyo, mga pangungusap na konektado sa isa't isa, paglalagay ng ritmo sa bawat salita, mga okasyong pwedeng lagyan ng mga larawan at ipakita sa mga mag-aaral, mga kawili-wiling tema o isyu na tutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, at iba pang mga gawain (Mittal, 2014:21-23).

Ang pangalawang teorya na nagbibigay ng matibay na pundasyon sa kasalukuyang pag-aaral ay ang Theory of Instruction ni Gagne (1985:263-276). Ipinapanukala ng teorya na mayroong iba't ibang antas ng pagkatuto ang mga mag-aaral na gamit ang iba't ibang uri ng pagtuturo at instruksyon. Batay sa teorya, mayroong limang uri ng pagkatututo: ang berbal na kaalaman, kasanayang intelektwal, kognitibong estratehiya, kasanayang locomotor, at mga saloobin. Mayroong mga panloob at panlabas na kondisyon o sitwasyon ang kailangan sa iba't ibang uri ng pagkatuto. Ang pagtukoy sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay lubhang mahalaga upang maitala ang mga kakailanganin at malinang ang pagkatuto ng bawat antas.

Sa karagdagan, inilatag ng nasabing teorya ang siyam sa mga instruksiyonal na pangyayari at mga kognitibong proseso.

Ang mga ito ay: pagpukaw ng pansin o gaining attention o reception, pagbibigay alam sa mga mag-aaral hinggil sa mga layunin o inaasahan, paggunita sa mga dating kaalaman, paghahayag ng mga stimulus o selective perception, pagbibigay ng gabay sa pagkatuto o providing learning guidance o semantic encoding, matamo ang kakayahan, pagbibigay ng katugunan, pag-aanalisa sa pagganap o pagtataya sa kakayahan, at pagpapanatili at paglilipat ng pagkatuto (Gagne et al., 1992:88-92).

Ang mga pangyayaring instruksiyonal ay ang mga gawain ng mga guro at mga mag-aaral sa loob ng klasrum. Ang pagpili ng angkop na mga pangyayari at pagpapalano nito gamit ang tamang anyo at pagkakasunod-sunod ay napakahalaga para sa isang matagumpay na desinyo ng pagkatuto. Ito ay isang planong nagpapakita ng mga pangyayaring instruksiyonal, ang pagkakasunod-sunod, at uri ng mga gawain na isasagawa sa bawat pangyayari. Sa pagsasagawa nito, mahalaga ang mga layunin at ang mga mag-aaral. Samakatwid, dapat na isaalang-alang ang kakayahan ng mga mag-aaral na matuto sa mga gawaing itinakda sa disenyo ng pagkatuto, at sa pagkakamit ng mga layunin, ang kakayahan din ng mga guro na maituro nang mahusay at maayos ang mga nakasaad na layunin at gawain (Kember & Murphy, 1990:42-47).

Sa kasaysayan ng pagtuturo ng wika, lumilitaw sa mga sinipi na sa pagtuturo nito sa elementarya at sekundarya, nakatuon sa mga kasanayang pangwika lalo na sa pagsasalita at pagbasa. Subalit, naisantabi ang kahalagahan ng koneksyon sa pagitan ng wika at kultura. Kung kaya, sa kasalukuyang kurikulum, kinikilala na bahagi rin ng kultura ng isang lipunan ang edukasyon na patuloy na nagbabago at binabago. Makabuluhang kasaysayan at ang paglulugar ng edukasyon sa konteksto ng lipunan para matagpuan ang pinagdaanang mga proseso upang matukoy at masuri ang mga interes na nakaiimpluwensya sa pagsasaayos nito. Kaugnay nito, dapat na maunawaan na nakatulong ang paggamit ng mga materyal na nakadiin sa kultura kung saan ang wika ay bahagi nito. Ang isa sa mga materyal na ito ay ang mga tula na bahagi ng panitikan ng kulturang Pilipino (Zafra, 2009:1-3).

Sa karagdagan, ang paggamit ng tula sa pagtuturo ng wika ay inaasahang makapagpapabawas sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika, lalo na sa panahong ang pagtuturo ng wikang Filipino ay maraming mga hamon. Sa pamamagitan ng mga tula, inaasahang matatamo ang pagkakaroon ng mga pangyayari na makapagbibigay ng naangkop na kondisyon o sitwasyon ng pagkatuto sa wika ng mga mag-aaral, at sa huli, magsilbing gabay sa pagdisenyo ng kurikulum at pagpili ng angkop na midya para sa pagsasakatuparan ng kurikulum.

Ang ikatlong batayang teorya ng pag-aaral na ito ay ang Theory Competency-Based Language Teaching (CBLT) nina Richards at Rodgers (2001:141). Ipinanukala ng teorya na ang pagtuturo ng wika ay dapat nakatuon sa kung ano ang maaaring makuha ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral ng wika. Isinalarawan ang teorya bilang tugon sa mga layunin ng edukasyon sa pamamagitan ng mga tiyak na sukatan ng mga kaalaman, kasanayan, at mga kaugalian ng mga mag-aaral na kinakailangang matamo pagtatapos ng isang kurso. Sa madaling salita, ang tuon ng pag-aaral ay ang mga kalalabasan nito o learning outcomes o outputs of learning.

Ang malaking batayan ng Teoryang CBLT ay ang pananaw sa gamit o tungkulin at interaksyon na katangian ng wika, na nangangahulugang ang pagkatuto nito ay palaging nakaugnay sa kontekstong sosyal na paggamit. Samakatuwid, ang wika ay isang midyum ng interaksyon at komunikasyon sa pagitan ng mga tao na naglalayong matamo ang mga tiyak na layunin, lalo na sa mga sitwasyong ang mga mag-aaral ay kinakailangang gumanap ng tiyak na papel sa kasanayang pangwika na maaaring mataya o matuos sa isang tiyak na makabuluhang konteksto. Alinsunod sa ideya ng Teoryang CBLT, ang kurikulum pangwika ay dapat nakasaayos ayon sa konsepto ng competency o kakayahan at hindi sa konsepto ng kaalaman sa wika. Ang tuon ay kung paano magagamit ng mga mag-aaral ang wika kaysa sa kung ano ang

alam nila tungkol sa wika. Kasabay nito, dapat mayroong talaan ang mga guro ng iba't ibang mga kompetensi sa wika na kinakailangang matutunan ng mga mag-aaral sa iba't ibang konteksto ng buhay (Grognet at Crandall, 2002:3).

Kaugnay pa rin ng Teoryang CBLT, ang mga pangyayari sa loob ng isang klasrum pangwika ay dapat nakatuon sa mga gawaing sumasalamín sa mga pangyayari sa tunay na buhay. Sa pagkakataong ito, ang mga guro ay dapat magbigay ng mga positibo at konstruktibong fidbak sa mga mag-aaral upang sila ay matulungang iangat ang kanilang mga kakayahan at kasanayan sa wika. Samakatuwid, ang mga guro ay dapat na may kamalayan sa mga pangangailangan ng bawat mag-aaral upang mas lalong matugunan ang kanilang mga pangangailangang pangwika. Kaakibat ng layuning ito ay ang maitawid ng mga guro ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika lalo na kung gamit ang mga piling tula bilang dulog. Dapat alalahanin na ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa wika ay nakasalalay kung paano nila ito magagamit sa kanilang pang-araw-araw na pakikisalamuha maging sa kanilang paghahanap ng trabaho sa hinaharap. Dahil dito, ang mga guro ay dapat may sapat na kaalaman sa mga aplikasyon ng wika sa mga tunay na sitwasyon sa buhay sa pamamagitan ng pagpukaw sa kawilihan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga piling tula (Docking, 2004:11).

Ang mga teoryang ito ay nagbigay ng masinsinan na pagtalakay tungkol sa katangian ng wika, kahalagahan ng pagsasaayos ng banghay aralin sa wika, at sa pagsukat sa kompetensi sa wika ng mga mag-aaral. Nagbigay linaw rin ang mga teorya sa mga suliraning maaaring kaharapin ng mga guro sa pagtuturo ng wika sa paraang ang mga mag-aaral ay magtatamo ng pinakamataas na kompetensi.

Batayang Konseptwal

Ang Figura 1 ay naglalarawan sa batayang konseptwal ng pag-aaral kung saan makikita ang mga baryet ng pag-aaral, ang kanilang mga kaugnayan, at ang proseso ng kasalukuyang pag-aaral.

Makikita sa maliit na kahon sa ibaba ng iskema ang mga kalahok ng pag-aaral ay ang mga guro sa Filipino at ang mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020. Ang kahong ito ay nakaugnay sa isang malaking kahon sa itaas sa pamamagitan ng isang palasong paitaas.

Ang pag-aaral na ito ay naglayong ilarawan ang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, huling marka sa Filipino sa Baitang 7, at saloobin hinggil sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot, na makikita sa maliit na kahon sa itaas na bahagi ng malaking kahon sa kaliwa.




Figura 1. Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

Samantala, ipinakita rin ang mga gurong tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita, mataas na edukasyong natamo, dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino at saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino, na makikita sa maliit na kahon sa ibabang bahagi ng malaking kahon sa kaliwa.

Tinaya ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro batay sa kanilang sariling pananaw at ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kaangkupan ng mga instruksiyonal material, kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum, kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo, at kawastuhan ng mga pang-ebalwasyong materyal, na matutunghayan sa isang maliit na kahon sa ibabang kanang bahagi ng malaking kahon. Inalam din ang ademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa mean percentage scores (MPS) sa una at pangalawang kwarter, na makikita sa itaas na kanang bahagi ng malaking kahon.

Sa pag-aaral na ito, tinuos kung mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro. Samantala, tinuos din kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot

hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at ang profayl baryet ng mga guro at mag-aaral na tagasagot; at sa pagitan ng akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro, makikita ito sa pamamagitan ng isang palasong nag-uugnay sa mga kahon sa loob ng malaking kahon ng iskema.

Ang mga kinalabasan ng pag-aaral at ang mga mahalagang implikasyon nito na makikita sa ikatlong kahon sa itaas na bahagi ng iskema ay magsisilbing batayan upang paunlarin ang kakayahan sa pagtuturo ng wika ng mga guro gamit ang mga piling tula, na siyang layunin ng pag-aaral na ito na makikita sa putol-putol na bilohabang hugis sa tuktok ng iskema. Ang pagtatamo sa layunin ng pag-aaral ay siniguro ng mga putol-putol na linya, na nagsilbing mekanismo ng fidbak na nag-uugnay sa ikatlong malaking kahon na naglalaman ng mga kinalabasan at mga implikasyon ng pag-aaral at ng ibabang kahon na naglalaman ng mga kalahok sa pag-aaral.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang kasalukuyang pag-aaral ay naging makabuluhan sa mga mag-aaral, mga guro, mga makata, mga administrador ng paaralan, mga mataas na kawani ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), mga tagabalangkas ng kurikulum, at mga mananaliksik.

Sa mga Mag-aaral. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay pupukaw sa interes ng mga mag-aaral hinggil sa mga tula na maaaring gamitin bilang dulog sa pag-aaral ng wikang Filipino. Sa pamamagitan ng kasalukuyang pag-aaral, magkakaroon ng kamalayan ang mga mag-aaral hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng kanilang mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula. Kasabay nito, maaari silang gumawa ng mga sariling hakbang na makapagpapagaan sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pamamagitan ng pagkukusang matutunan ang mga piling tula na siyang magiging daan upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa Wikang Filipino.

Sa mga Guro. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay gagabay sa mga guro sa kanilang pagtuturo ng wikang Filipino at panitikang Filipino. Pag-iibayuhin ng pag-aaral na ito ang kakayahan ng mga gurong nagtuturo ng wika na maituro ang wikang Filipino sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatagumpayang mga suliraning kaakibat nito. Magkakaroon din ng pagkakataon ang mga gurong nagtuturo ng panitikan na mas lalong pahalagahan ang kahalagahan ng mga tula bilang bahagi ng panitikang Filipino. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay magbibigay daan upang paunlarin ang saklaw ng tula hindi lamang bilang isang bahagi ng panitikang Filipino kung hindi bilang mahalagang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto

ng wika. Mas magiging maalam ang mga guro sa pagpili ng uri ng mga salingkurang pagsasanay na dadaluhan lalo na sa aspeto ng paggamit ng mga piling tula bilang estratehiya sa pagpapayabong sa kasanayan sa wikang Filipino. Sa kalaunan, mas magiging mahusay at epektibong guro ng wika ang mga gurong gumagamit ng mga piling tula sa pagtuturo ng wika.

Sa mga Makata. Ang mga kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral ay maaaring maging gabay upang mas lalong paigtingin ng mga makata ang paggawa ng mga tula gamit ang wikang Filipino. Ito ay maaaring makahikayat sa kanila upang mas maging malikhain sa pagpapahayag ng kahalagahan ng tula bilang lunsaran sa pagpapaunlad ng wikang Filipino.

Sa mga Administrador ng Paaralan. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay magsisilbing batayang kaalaman para sa mga administrador ng paaralan na magbalangkas ng mga salingkurang pagsasanay na nakatuon sa pagpapaunlad sa iba't ibang estratehiyang maaaring magamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral. Magbibigay rin ito ng kaalaman sa mga administrador hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula. Sa pamamagitan nito, makahahanap ng mga pamamaraan ang mga administrador na mabigyang solusyon ang mga ito, lalo na ang mga sumusunod: kaangkupan ng mga instruksiyonal materyal, kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum, kasanayan sa paggamit

ng panulaan sa pagtuturo, at kawastuhan ng mga pang-
 ebalwasyong materyal.

Sa mga Mataas na Kawani ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd). Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mataas na kawani ng Kagawaran ng Edukasyon na magsagawa ng mga hakbang hinggil sa pagpapaunlad sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng wika. Maisasakatuparan nila ito sa pamamagitan ng paghahanap ng mga solusyon hinggil sa mga suliraning kaakibat ng pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula kagaya ng kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo, kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum, kasanayan sa paggamit ng panulaan sa pagtuturo, at kawastuhan ng mga pang-
 ebalwasyong materyal. Magkakaroon ng pagkakataon ang DepEd na palakasin ang ugnayan ng kagawaran at ng mga pribadong organisasyon na maaaring makatulong upang mabawasan ang mga suliranin lalo na ang tungkol sa mga kagamitang pampagtuturo.

Sa mga Tagabalangkas ng Kurikulum. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa mga tagabalangkas ng kurikulum na rebisahin ang kasalukyang Gabay Pangkurikulum sa Filipino sa antas sekundarya lalo na sa ikawalong baitang. Sa pamamagitan ng gagawing pagrebisa, maisasaayos ang tuon sa tula bilang estratihiyang maaaring gamitin sa pagtuturo ng wika. Sa huli, mas mabibigyan ng pansin ang paggawa ng mga gawaing pangwika na nakabatay sa mga tula.

Sa mga Mananaliksik. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magbibigay ng batayan sa mga mananaliksik na magsagawa ng mga kahalintulad na pag-aaral sangkot ang mga mag-aaral sa ibang antas sa sekundarya.

Saklaw at Delimitasyon

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tukuyin ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo at pagkatuto ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan.

Ang mga suliranin sa pagtuturo ng wika ay pinagtuunan ng pansin sa pag-aaral na ito ayon sa sumusunod na mga aspeto: kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo, kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum, kasanayan sa paggamit ng panulaan sa pagtuturo, at kawastuhan ng mga pang-ebalwasyong materyal. Binigyang diin din sa pag-aaral na ito ang pagtaya sa ademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa mean percentage scores (MPS) sa una at pangalawang kwarter.

Ang pag-aaral na ito ay linahukan 301 na mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang at 20 na mga gurong nagtuturo ng Filipino ng Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan.

Sa huli ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Taong Panuruan 2019-2020.

Katuturan ng mga Talakay

Ang mga salitang ginamit sa pag-aaral na ito ay binigyang konseptwal at operasyunal na kahulugan sa bahaging ito.

Huling Marka sa Filipino. Ito ay tumutukoy sa markang natamo pagkatapos ng isang buong taon sa asignaturang Filipino na tinaya sa pamamagitan ng pagkuha sa kabuuan ng lahat ng mga markang natamo sa una hanggang sa huling markahan, at paghati nito sa apat na markahan (<https://www.edglossary.org>, Disyembre 4, 2019). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa huling marka sa Filipino sa Baitang 7 na ginamit sa pagsasalarawan sa mga mag-aaral na tagasagot.

Kaangkupan ng mga Gabay Pangkurikulum. Ito ay tumutukoy sa tamang pagdisenyo ng mga kagamitang pampagtuturo upang matulungan ang mga guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mungkahi kung gaano kahusay na makatutugon sa mga tiyak na pangangailangan ng edukasyon gamit ang mga gabay pampagkatuto at gabay panturo (<https://rexinteractive.com>, Disyembre 4, 2019). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa isa sa mga aspetong ginamit upang tayain ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro.

Kaangkupan ng mga Instruksyonal Materyal. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pagiging tama o angkop ng mga materyal na gamit sa instruksyon ng mga guro; tumutukoy ito sa koleksyon

ng mga materyal na angkop gamitin sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral upang matamo ang mga layunin ng pag-aaral; at tumutukoy ito sa pagiging tama ng mga kagamitan sa pagpapatupad ng mga pangyayaring instruksyunal (Lewis, 2018:1). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa isa sa mga aspetong ginamit upang tayain ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro.

Kasanayan sa Paggamit ng Tula sa Pagtuturo. Ang konseptwal na kahulugan nito ay ang natutunang kapasidad ng mga guro na maipatupad ang mga resultang nauna nang natukoy at kadalasang may mababang paggugol ng panahon, enerhiya o pareho sa paggamit ng mga piling tula sa pagtuturo (Baisa-Julian, et al., 2015:166). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa isa sa mga aspetong ginamit upang tayain ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro.

Kawastuhan ng mga Pang-Ebalwasyong Materyal. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pagiging tama ng mga kagamitang pang-ebalwasyon na maaaring ibigay bago o pagkatapos ng isang aralin; ang pagiging wasto ng isang ebalwasyon ay nakasalalay sa pagiging makabuluhan at angkop sa tiyak na aspeto ng pagkatuto na nais matamo sa bawat isang mag-aaral (Lewis, 2018:1). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit

upang tukuyin ang pagiging tama o angkop ng mga materyal pang-ebalwasyon na nagsilbing isa sa mga aspetong ginamit upang tayain ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon mismo sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot.

Lunsaran sa Pagtuturo. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga pangganyak upang kalugdan ng mga mag-aaral ang mga aralin na itinuturo; ginagamit ito upang mapanatili ang kawilihan ng mga bata sa mga aralin sa bawat asignatura (Lewis, 2018:1). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit sa konteksto kung paano ito binigyang katuturan sa konseptuwal na aspeto.

Pagkatuto ng Wika. Ang salitang ito ay tumutukoy sa aktibong proseso ng pag-aaral ng wika upang maipahayag ang kaisipan, damdamin, at karanasan ng mga tao mula pagkabata hanggang sa pagtanda (<https://www.edu.gov.mb.ca>, Marso 24, 2020). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit upang tukuyin ang pagiging tama o angkop ng mga materyal pang-ebalwasyon na nagsilbing isa sa mga aspetong ginamit upang tayain ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon mismo sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot.

Pagtuturo ng Wika. Ang salita ay tumutukoy sa pagbibigay ng instruksyon sa pormal o di-pormal na paraan upang maibahagi sa mga mag-aaral ang katangian o kahalagahan ng wika

(<https://www.encyclopedia.com>, Marso 24, 2020). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa isa sa mga aspetong tiningnan na maaaring maapektuhan ng mga suliraning kaakibat ng paggamit ng mga piling tula sa pag-aaral ng wikang Filipino.

Saloobin. Ang konseptwal na katuturan ng salitang ito ay tumutukoy sa pagpuna sa bagay o sitwasyon na may kasamang pandama at emosyon (Pressley, 1989:66). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa dalawang uri ng saloobin, ang saloobin hinggil sa wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot na tinaya sa pamamagitan ng kanilang mga kasagutan sa 10-aytem na talatanungan, at ang saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong tagasagot na tinaya sa pamamagitan ng kanilang mga kasagutan sa 10-aytem na talatanungan.

Suliranin. Batay sa konseptwal na pagpapakahulugan ng salitang ito, ito ay tumutukoy sa mga pagsubok sa kakayahan ng mga taong sangkot sa pagkatuto at pagtuturo na malaman at maintindihan ang kanilang mga pinag-aaralan sa paaralan (<http://tl.answers.com>, Disyembre 1, 2019). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa mga pagsubok na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ayon sa kanilang pananaw mismo at ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang batay sa mga aspetong: kaangkupan ng mga kagamitang pamgpagtuturo, kaangkupan ng mga gabay

pangkurikulum, kasanayan sa paggamit ng panulaan sa pagtuturo, at kawastuhan ng mga pang-ebalwasyong materyal.

Tula. Ang salitang ito ay binigyang kahulugan bilang isang uri ng sining at panitikan na kilala sa malayang paggamit ng wika sa iba't ibang anyo at estilo; at ito ay karaniwang may batayan sa pagbigkas ng mga huling salita (Baisa-Julian et al., 2015:166). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa kaparehong konseptwal na pagpapakahulugan dito.

Wika. Ang salitang ito ay tumutukoy sa masistemang balangkas ng sinasalitang tunog na isinaayos sa paraang arbitrario; ang mga tunog ay hinugis/binigyan ng mga makabuluhang simbolo (letra) na pinagsama-sama upang makabuo ng mga salita na gamit sa pagpapahayag; ang midyum na ginagamit sa maayos na paghatid at pagtanggap ng mensahe na susi sa pagkakaunawaan (Mangahis et al., 2005:7). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa wikang Filipino na midyum ng pagkatuto at pagtuturo sa ikawalong baitang sa asignaturang Filipino.

Wikang Filipino. Ang konseptwal na kahulugan ng salitang ito ay tumutukoy sa pambansang wika ng Pilipinas na pinagtibay ng Saligang Batas ng 1987 na kasalukuyang nililinan, pinagyayaman at pinayayabong sa pangangalaga ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) (<http://kwf.gov.ph>, Disyembre 1, 2019).

Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa kaparehong konseptwal na pagpapakahulugan dito.

Kabanata 2

PAGSUSURI NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay puno ng mga ideya hinggil sa mga suliranin sa pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng iba't ibang pagdulog, sa pagtuturo ng wika gamit ang mga tula, at iba pang mga mahahalagang paksa na nirebisa ng mananaliksik mula sa iba't ibang materyal kagaya ng mga aklat, dyornal, peryodikal, at mga lathalain. Ang kabanatang ito ay naglalaman din ng mga makabuluhang kinalabasan ng mga pag-aaral hinggil sa mga nabanggit na paksa sa itaas na nirebisa ng mananaliksik mula sa mga di-nalathalang materyal kagaya ng mga tesis at disertasyon sa mga gradwadong paaralan.

Kaugnay na mga Literatura

Nilalaman ng bahaging ito ang lahat ng mga ideyang may kinalaman sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang iba't ibang pagdulog at sa paggamit ng tula upang maituro ang wika. Ang pag-analisa sa mga ideyang ito ay nagsilbing matibay na pundasyon upang maunawaan at mapagnilay-nilayan ang mga tiyak na suliranin sa kasalukuyang pananaliksik.

Ang paglinang sa wika ay nakapokus sa mga pakinabang na idudulot nito upang ang mga mag-aaral ay makapaghanap-buhay at mapahalagahan nang lubusan ang kagandahan ng buhay na

kanilang ginagalawan. Sa kabuuan, pangunahing mithiin sa pagtuturo ng wika na makabuo ng isang pamayanang marunong, mapanuri, kritikal, at kapaki-pakinabang. Ang mahusay na klasrum pangwika ay yaong may aktibong interaksyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, at ng mga mag-aaral sa kanilang kapwa mag-aaral. Sa kabilang dako, ang guro ang nagsisilbing tagapatnubay sa iba't ibang gawain sa klasrum at ang mga mag-aaral naman ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang gawaing pangkomunikasyon. Sa kabilang dako, sa interaksyon ng mga mag-aaral sa kanilang kapwa estudyante, kailangang bigyan ng pantay na pagkakataon na makilahok sa iba't ibang gawain upang malinang ang kani-kanilang kasanayan sa wika (Fortunato, 1999:1).

Kaugnay nito, ang gurong nagtuturo ng wika ay nabubuhay para magturo ng wika, at kahit paulit-ulit lamang ang wikang kanyang itinuturo, nananatiling bago at kawili-wili dahil iba't ibang sangkap ang inihahalo niya sa araw-araw ng kanyang pagtuturo, kung kaya't hindi nakasasawa. Ang gurong malikhain ay hindi hahayaan ang mga estudyante na mabagot sa lektyur, bagkus, gagamit ng iba't ibang kasiya-siyang gawain gaya ng kwento, pagsasadula o role plays, brainstorming, maliliit na pangkatang talakayan o small group discussions, demonstrations, debate, at mga piling tula (Richards at Renandya, 2003:23).

Ngunit hindi palaging maayos at matiwasay ang pagtuturo ng wika, lalo na ang wikang Filipino, sa loob ng isang klasrum pangwika. Sa sitwasyon ng wikang Filipino, mayroong apat na maling pagkukuro hinggil sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo. Una, pabayaang munang umunlad ang wikang Filipino bago ito gamitin sa pagtuturo. Pangalawa, marami pang kakulangan ang wikang pambansa kung kaya't hindi pa maaaring gawing wikang panturo ito. Pangatlo, maraming salitang Ingles na walang katumbas sa wikang Filipino. Pang-apat, kulang pa ng mga batayang-aklat sa Filipino kaya mahihirapan ang mga guro at mga mag-aaral (Timbreza, 1987:48-53).

Samakatwid, ang malaking bahagi ng mga maling pagkukuro hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ay nanggaling mismo sa mga Pilipino na mayroong iba't ibang palagay sa nasabing wika. Ngunit, ang tanging suliranin sa paggamit nito ay nag-uugat sa kalinangan at kasaysayan ng nasabing wika. Ito ang mga pangkasaysayan at pangkalinangang suliranin. Kaakibat nito ang mga saloobing sosyolohikal at sikolohikal na batay rin sa kasaysayan at kalinangan ng Pilipinas.

Sa karagdagan, ang suliraning pangkasaysayan ay nag-uugat sa pag-iisip kolonyal dahil sa pagsakop ng mga dayuhan sa bansang Pilipinas, ang mahigit tatlong daang taong pananakop ng mga Kastila at ang limampung taon sa ilalim ng

mga Amerikano. Ang mga nasabing pananakop ay nagdulot ng inferiority complex o pagkamababang damdamin dahil sa palagiang inihahambing ang sariling wika sa dayuhang wika. Sa katiyakan, ang mabigat na suliranin sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo ay ang paglaganap ng impluwensiya ng wikang Ingles sa mahabang panahon. Ang paggamit ng wikang Ingles sa mga paaralan ng mahabang panahon ang mismong nagpapahirap sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo dahil ang una ang kinagisnang wika ng mga mag-aaral. Kaya, ang nabuong kaisipan na ang mga nagsasalita ng Ingles ang pinakamagaling at pinakamahusay sa paaralan. Sa madaling salita, nagkaroon ng mababang pagtingin ang mga Pilipino sa wikang Filipino, at kasabay nito ang pag-aatubiling gamitin ang nasabing wika sa pakikipagtalastasan at sa pag-aaral.

Ang suliranin sa pagtuturo gamit ang wikang Filipino ay hindi lamang sa loob ng asignaturang Filipino nararanasan. Nagkakaroon din ng mga balakid sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo ng Matematika. Alinsunod ito sa hangaring gamitin ang wikang Filipino sa pagtuturo ng Matematika at Agham sa mga paaralan. Subalit, hindi madaling tanggapin ng mga guro sa nasabing asignatura na gamitin ang Filipino sa pagtuturo dahil sa mga sumusunod na kadahilanan:

- a) hindi pa kayang ipahayag ng Filipino ang mga konseptong pangmatematika, pang-agham, at panteknolohiya; b) walang mga

aklat sa matematika, agham, at teknolohiya na nasusulat sa Filipino; at c) sa Ingles bihasa ang mga guro sa Matematika, Agham, at Teknolohiya. Ang mga sumusunod ay dagdag sa mga naunang balakid: a) ang negatibong saloobin ng mga guro sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo; b) ang negatibong saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo; at c) mga suliraning nag-uugat sa kalikasan ng Matematika bilang isang larangan ng pananaliksik at pag-aaral (Pineda, 1990:85-90).

Mahihinuha sa mga nabanggit na suliranin sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo maging ito ay sa mismong asignaturang Filipino o sa ibang larangan kagaya ng Matematika na mayroong tatlong uri ng larangan ng wika (language domain). Ang una ay ang di-mahalagang larangan ng wika (non-controlling domain of language) na tumutukoy sa wikang gamit sa loob halimbawa ng tahahan o palengke kung saan hindi kailangang nakasulat ito at maaari ding kahit magkakaibang wika ay nagkakaintindihan. Sa larangang ito mayaman ang Filipino. Ang pangalawang uri ay tinatawag na medyo mahalagang larangan (semicontrolling domain) kung saan ang pakikipagtalastasan ng mga tao ay hindi sapilitang nakasulat. Kahit hindi gaanong marunong bumasa at sumulat ay maaaring makilahok sa usapang nabibilang sa ganitong uri ng larangan. Ang pangatlong uri ay ang mahalagang

larangan ng wika (controlling domain of language) (Sibayan, 1990:43-57).

Sa katiyakan, ang pangatlong uri ay may mga katangian:

- a) idinidikta nila ang wika na kailangang pag-aralan at gamitin;
- b) ang wikang ginagamit ay specialized at learned, samakatuwid, kinakailangan ang kaalamang tiyak, kaya kailangan ng specialization;
- c) ang mahahalagang larangan ay nangangailangan ng dunong ng pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat, kailangan dito ay tiyak, tumpak, ganap na salita;
- d) ang kaalaman sa mahalagang larangan ay inipon (cumulative), kung kaya't kailangan ang dating kaalaman at kasalukuyan na kadalasang matatagpuan sa mga aklat, dyornal, at ngayon ay nakaimbak sa mga elektronikong kagamitan kagaya ng kompyuter; at
- e) ang pagdami ng mga kaalaman sa mahalagang larangan ng wika ay mabilis.

Mula sa deskripsyon sa mga larangan sa paggamit ng Filipino, malinaw na ang paggamit ng nasabing wika sa pagtuturo ng mismong asignaturang Filipino at gayon din ng iba pang disiplinang pangkolehiyo ay saklaw ng pangatlong larangan ng wika. Kaugnay nito, lumilitaw ang kahinaan ng wikang Filipino sa mga terminolohiya, mga salita, at pariralang nangangahulugan ng mga konseptong partikular sa mga disiplina. Ito ang pangunahing dahilan ng mga guro sa pagsasabing hindi pa intelektwalisado ang wikang Filipino

kung kaya't hindi ito maaaring gamiting pamalit sa Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa mga disiplinang kagaya ng Matematika, Agham, at Teknolohiya. Ang estadong ito ng wikang Filipino na hindi pa intelektwalisado ay siya ring nagiging balakid sa paggamit nito sa pagtuturo ng nasabing wika kahit sa mismong asignaturang ito ang midyum (Trance, 1994:24-37).

Dahil dito, kailangang magkaroon ng mga pagkukusa na alamin ang mga hakbang upang mabawasan ang mga suliranin sa pagtuturo ng wika. Ang unang bugso ng mga tiyak na gawain ay ang pagsusuri sa mismong kalidad ng guro ng pagtuturo ng wika. Upang matiyak ang pagiging kaaya-aya ng pagtuturo ng wika, dapat dumaan ang mga guro sa pagsusuri upang malaman ang kanilang antas sa pagsasalita ng Filipino. Ito ay alinsunod sa katotohanang dapat mataas ang antas sa pagsasalita ng Filipino ng mga guro upang maasahan ang mataas na kagalingan ng mga mag-aaral sa nasabing wika. Kaugnay nito, mahalagang makaabot ang mismong guro sa pinakamataas na antas ng pagsasalita. Ang iba't ibang antas na ito ay ang: pinakamataas na antas at ayon dito, napagtatanggol at naipaliliwanag ng guro ang kanyang opinyon, at natatalakay ang mga paksa; advanced level kung saan nagkakamali pa ang guro sa gramatika, hindi wasto sa bokabularyo, halos tama na ang konstruksyon, kaya nang magsalita nang patalata, malinaw na malinaw ang hilera ng pangangatwiran; intermedyang antas kung saan

mahusay-husay na ang guro, kaya nang magsalita ng pangungusap na antas, kung minsan hindi pa magkaugnay-ugnay, nakasasagot sa tanong, hindi minsan wasto ngunit maaaring iwasto nang sarilinan; at baguhang antas kung saan baguhan pa ang guro, parirala lang ang nasasabi, memoryado pa ang sasabihin (Geronimo, 2015:1).

Sa karagdagan, kailangang mapagtanto ang malaking pagbabagong nagaganap sa kalakaran ng pagtuturo ng wika. Noong unang panahon, ang pinagtutuonan ng pansin sa pagtuturo ng wika ay ang kaalamang istruktural o kayarian ng wika. Sa ngayon, ang tuon ay ang paglinang ng kahusayan sa paggamit ng wika at ang kasanayan sa pakikipagtalastasan o ang kakayahang komunikatibo. Ang pagtuturo ng wika na nakatuon sa kakayahang makapagpahayag ng mga mag-aaral ay pagtuturo ng magkasamang kaalaman sa wika o language competence at kakayahan sa paggamit ng wika. Alinsunod sa nasabing mga aspetong dapat na pagtuonan ng pansin, ang kasanayan sa wika ay hindi lamang sa kaalaman sa gramatika o sa tuntuning gramatikal kundi gayundin sa angkop at matagumpay na pag-unawa at pagpapayunawa ng nais ipahayag ng nag-uusap.

Samantala, kailangan ding pagtuunan ng pansin ang mga estratehiyang gamit sa pagtuturo ng wika. Mayroong mga panukatan sa pagpili ng estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng Filipino na ipinalalagay na mabisa. Ang mga ito ay: angkop

sa kakayahan at kawilihan ng mga mag-aaral; bunga ng pagtutulungan ng guro at ng mga mag-aaral; nagtataglay ng probisyon para sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral; nagsasaalang-alang sa mga nakaraang karanasan ng mga mag-aaral; humahamon sa kakayahan ng mga guro at mga mag-aaral; nagtataglay nang maayos na pagkakasunod-sunod na mga hakbang; nakaaakit sa aktibong pakikilahok sa klase; bunga ng masusing paghahanda ng gurong nagsasagawa nito; nakatutulong sa pagsasakatuparan ng layunin sa pagtuturo; at nagsasaalang-alang sa mga batas o simulain ng pagkatuto (Villanea, 2017:1-17).

Kasabay sa paghikayat sa mga guro na maging malikhain sa paggamit ng iba't ibang pagdulog upang mabawasan ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika ay ang pagtuon sa iba't ibang uri ng literatura o panitikan bilang mahalagang sangkap nito. Datapwat, ang panitikan ay matagal nang tinaggihan bilang bahagi ng pampagtuturong metodolohiya ng wika kasunod ng pagbagsak ng tinatawag na Grammar-Translation Method. Sa pangkalahatang pananaw, ito ay isang malikhaing pag-aaral lamang na wala o mayroon lamang maliit na kabulahan sa pagpapayabong sa mga karanasang pagkatuto sa wika. Subalit, sa pag-usbong ng komunikatibong dulog sa pagtuturo ng wika, ang tinanggihang panitikan ay ginamit na muli at kung paano itong makatutulong sa pagpapalago ng wika ay naging

isyu sa makabagong panahon. Bagamat pinagtuunan ng pansin ang papel na ginagampanan ng panitikan sa pag-aaral ng wika, masyadong limitado ang pagtanggap at pagkakaisa ng mga dalubhasa sa wika hinggil sa kung paano iaangkop ang panitikan sa pagtuturo ng wika (Bobkina at Dominguez, 2014:248-260).

Ang iba't ibang genre ng panitikan ay puwedeng gawing pagdulog sa pagtuturo ng wika, isa rito ay ang tula na isa sa mga maaaring gamitin ng mga guro. Ang mga tula, kagaya ng ibang genre ng panitikan, ay matatagpuan sa lahat ng kultura at kasaysayan ng buong mundo. Sa katunayan, ang tula at iba pang genre ay produkto ng wika, na produkto rin ng kultura, at sa gayon ay hindi maaaring paghiwalayin. Ilan sa mga kahalagahan ng tula sa pagkatuto ng wika: ito ay nagpapalakas at sumasangkot sa mga kasanayang pangwika, at ito rin ay lumililang sa kamalayang kultural sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng wika dahil ang wika at kultura ay magkadugtong (Khatib, 2011:164-169).

Ang paggamit ng tula sa klasrum pangwika ay may mga naitalang kahalagahan sa linggwistika at pampanitikang pananaw. Kasabay nito maraming mga linggwistikong kahalagahan ang makukuha sa paggamit ng mga tula sa pagtuturo ng wika. Kabilang sa mga ito ay ang kakayahan ng tula na payabungin ang bokabularyo, paunlarin ang pagbigkas, isulong ang kaalamang gramatika, at linangin ang mga kasanayan sa wika at

ang mga kayarian nito. Dagdag pa rito ang kakayahang magbigay ng isang mayamang pagkukunan ng mga input sa wika. Ang tula ay sumusulong sa pagpapahalaga sa literatura sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kultural na kamalayan ng mga mag-aaral. Maliban sa mga nabanggit na kahalagahan ng tula, ito ay tumutulong din na linangin ang personal na pagkakasangkot ng mga mag-aaral ng wika upang magkaroon ng paraan ng pagpapadama at paglalabas ng mga personal na saloobin sa mas malawak at malaking reyalidad ng sangkatauhan (Chanmann-Taylor et al., 2016:75-88).

Sa kabila ng mga nabanggit na kahalagahan, ang paggamit ng tula sa klasrum pangwika ay hindi masyadong binibigyang-pansin ng mga guro. Ang wika ng mga tula ay nangangailangan ng pagmamaniobra sa estruktura ng grammar upang iangkop sa ortograpiya at ponolohiya nito. Ang pag-iwas ng mga guro sa paggamit ng tula sa pagtuturo ng wika ay maaaring nag-ugat sa mga ginagamit na aklat na mayroong limitado o walang puwang para sa mga pampanitikang teksto, at kakulangan sa oras at inspirasyon na gamitin ang tula sa pagtuturo. Kung kaya, ang kakayahan ng tula sa pagpapausbong ng wika ay hindi pa gaanong napagtatanto ng mga guro (McIlroy, 2013:26-31).

Sa mga pagtalakay na ginawa, mahihinuha na mayroong dalawang mukha sa paggamit ng mga tula bilang estratehiya o dulong sa pagtuturo ng wika. Maaaring ito ay kakitaan ng

kabuluhan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga guro na maituro ang wika sa malikhaing pamamaraan, subalit, maaari din itong magdulot ng suliranin dahil sa likas na kayarian ng tula na sinisira ang estruktura ng wika. Sa puntong ito minabuti ng mananaliksik na lalong alamin at pag-aralan ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula. Kung kaya ang binanggit na mga literatura sa bahaging ito ay nagbigay ng malalimang pagtalakay sa mga inilahad na suliranin sa kasalukuyang pag-aaral.

Kaugnay na mga Pag-aaral

Ang ilang mga piling pag-aaral na may kaugnayan sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang iba't ibang dulong at sa paggamit ng tula upang maituro ang wika ay binigyang-pansin sa bahaging ito. Kung kaya ang bahaging ito ay naglalaman ng isang mayamang pagtalakay sa pagkakahalintulad at pagkakaiba ng mga naunang pag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral upang bigyang linaw ang mga suliraning nais sagutin ng huli.

Madula (2019) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Tayo na sa Wika'Skwela: Ang Papel ng Sining sa Pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga Bata at Kabataang Pilipino sa Venezia, Italya". Ang kinalabasan sa pag-aaral na ito ay ang malaking papel na ginampanan ng sinig sa integrasyon sa

pedagohiya at pagtuturo sa mga bata at kabataan ng wika. Napagtanto sa pag-aaral na ito na ang mga ginamit na estratehiya at dulong sa pagtuturo sa wikang Filipino ng mga guro gamit ang iba't ibang anyo at genre ng sining at literatura, mula sa mga aktibidad nito, ay nakatulong nang malaki sa pagpapakilala sa mga bata at kabataang lumaki at mas pamilyar sa wika at kultura ng bansang Italya.

Ang pag-aaral ni Madula ay napakahalaga sa kasalukuyang pag-aaral dahil nagbigay ideya ito sa kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya upang mas lalong mapabuti ang pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral. Subalit, magkaiba ang naunang pananaliksik at ang kasalukuyang pananaliksik dahil nakatuon sa sining at iba't ibang literatura ang una samantalang ang huli ay nakatuon lamang sa mga piling tula. Kung ang nabanggit na pag-aaral ay nagbigay pansin sa pagpapakilala at pagtuturo ng wikang Filipino sa mga kabataang lumaki sa Italya, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino gamit ang mga piling tula sa mga mag-aaral.

Zamora (2018) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Ang Filipino bilang Wika sa Matematika: Isang Palarawang Pagsusuri sa Kaso ng Isang Pribadong Paaralan". Ang kinalabasan ng pag-aaral ay may mga pagkakataong

gumagamit pa rin ang mga mag-aaral at guro (malay o di-malay) ng Filipino sa asignaturang Matematika. Maituturing ito bilang wikang pantulong sa iba't ibang yugto ng klase sa Matematika. Pinatunayan ng pananaliksik na ito na a) may espasyo ang Filipino sa Matematika bilang wikang pantulong; b) napadadali ang pagtalakay sa Matematika sa tulong ng Filipino; at c) ang pagpapairal ng patakarang pangwika ay kailangan upang maisakatuparan ang ganap na espasyo ng Filipino sa paaralan.

Ang nabanggit na pag-aaral ni Zamora ay binigyang-pansin ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng Matematika. Ito ay isang pag-aanalisa hinggil sa katangian ng nasabing wika bilang midyum na gamit sa pagtuturo ng isang partikular na disiplina. Kung kaya, ang nasabing pag-aaral ay makabuluhan sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong layong analisahin ang katangian ng wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo ng isang asignatura o disiplina. Subalit, ang pagkakaiba ng dalawang pag-aaral ay nakatuon sa pokus ng pag-aanalisa sa gamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng Matematika, samantalang sa ginawang pag-aaral ay nakatuon sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng mismong asignaturang Filipino. Sa karagdagan, ang isinagawang pag-aaral ay mas komplikado dahil layong alamin ang mga

kinakaharap na suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino gamit ang mga piling tula bilang dulong.

Ulla (2018) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "English Language Teaching in Thailand: Filipino Teachers' Experiences and Perspectives". Ang kinalabasan ng pag-aaral na kahit positibo ang pananaw ng mga gurong Filipino sa pagtuturo ng Ingles sa mga mag-aaral na Thai, nakikita nila na ang pagtuturo nito ay isang hamon dahil sa mga suliranin. Ang mga suliraning tinaya ay: kawalan ng kawilihan ng mga mag-aaral sa wikang Ingles, kakulangan ng kabatiran at pagsuporta sa kaligiran ng mga nagsasalita ng Ingles, hindi maliwanag ang kurikulum para sa wikang Ingles, at kakulangan ng profesyonalismong pag-usbong ng mga gurong nagtuturo ng Ingles.

Ang pag-aaral ni Ulla ay binanggit sa kasalukuyang pag-aaral dahil tuon nito sa mga pananaw ng mga guro hinggil sa pagtuturo ng wikang Ingles sa Thailand. Ito ay may pagkakapareho sa kasalukuyang pananaliksik na layong alamin ang pananaw ng mga guro hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral. Subalit, ang pag-aaral ni Ulla ay mas malawak ang saklaw dahil inalam nito ang pangkalahatang elemento ng pagtuturo ng wikang Ingles sa mga Thai. Samantala, sa isinagawang pananaliksik, nakatuon lamang sa pag-aanalisa ng mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng

wika gamit ang mga piling tula. Isa pa sa kaibahan ng naunang pananaliksik sa naisagawang pananaliksik ay ang paggamit ng dulong na mga piling tula sa pag-aanalisa ng mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Gonen (2018) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Implementing Poetry in the Language Class: A Poetry-Teaching Framework for Prospective English Language Teachers". Ayon sa kinalabasan ng kwalitatibong pag-aanalisa, ang tula ay may puwang sa pagtuturo ng wika gamit ang isang sistematiko at teyoritikal na gabay na angkop sa mga katangian ng isang klasrum pangwika. Ang paggamit ng tula sa isang klasrum pangwika ay makatutulong sa pagpapaunlad ng motibasyon, pagkamalikhain, at pagpapadama kasabay ng pagpapayabong ng kasanayan at interaksyon ng mga mag-aaral. Subalit, may mga kinaharap na hamon ang mga guro sa paggamit ng tula sa pagtuturo ng wika, kabilang ang panahon at lakas na kailangan sa paggamit nito, at ang hamon sa pagpili ng mga tulang gagamitin at disenyo ng mga materyal.

Ang nabanggit na pag-aaral ni Gonen ay makabuluhan sa pag-aaral dahil parehong ginamit ang tula sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral. Makabuluhan din ang naunang pag-aaral dahil parehong layong alamin ang mga hamon na nakapaloob sa paggamit ng tula sa pagtuturo ng wika. Sa kabila ng mga nabanggit na pagkakahalintulad, ang naunang pag-aaral ay may

pagkakaiba sa kasalukuyang pananaliksik dahil nakatuon sa wikang Ingles ang una kaysa sa huli na nakatuon sa wikang Filipino. Sa karagdagan, ang naunang pag-aaral ay isang kwalitatibong pananaliksik (qualitative research) kompara sa kasalukuyang pananaliksik na isang kwantitatibong uri ng pananaliksik (quantitative research).

Tasneen (2018) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Literary Texts in the Language Classroom: A Study of Teachers' and Students' Views at International Schools in Bangkok". Kinalabasan sa pag-aaral na ang mga guro at mga mag-aaral ay naniniwalang ang panitikan ay mahalagang gamitin bilang panturo ng wika. Subalit, parehong ang mga guro at mga mag-aaral ay kinakaharap ang ilang suliranin sa paggamit ng panitikan sa isang klasrum pangwika. Sa katunayan, karamihan sa mga guro ay naniniwalang ang linggwistikong antas ng mga teksto at ang hindi pagiging pamilyar sa kulturang nakapaloob sa panitikan ang mga suliraning pumipigil sa pag-unawa sa mga teksto ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay makabuluhan sa isinagawang pag-aaral dahil parehong nilayong alamin ang kahalagahan ng paggamit ng mga panitikan sa isang klasrum pangwika. Kaya lamang ang naunang pag-aaral ay mas pangkalahatan ang tema

dahil sinakop nito ang lahat ng uri ng panitikan taliwas sa kasalukuyang pag-aaral na tumuon lamang sa mga tula.

Ancheta (2017) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Language Learning Difficulties of Selected Foreign Students in National University, Philippines". Sa pagtataya sa mga sagot ng mga kalahok ng pag-aaral, naitala ang mga sumusunod na suliranin: a) suliranin sa pag-aaral ng dalawang wika ng sabay, kagaya ng wikang Filipino at Ingles, bilang midyum ng pagtuturo; b) pag-aalinlangan ng mga mag-aaral na makipagtalastasan sa kapwa mag-aaral; c) kakulangan ng mga guro na magbigay ng sapat na panahon na turuan ang mga mag-aaral na kalahok ng wikang Filipino; d) kawalan ng kaibigan na tutulong sa pagsasalin ng mga salitang Filipino sa Ingles; e) hindi pagkakaroon ng kursong Filipino na tiyak na tutugon sa kanilang mga pangangailangan sa wika; f) semantiko at interpretatibong pagkakaiba sa pagitan ng wikang Ingles at Filipino; g) kakulangan ng kaalaman sa estruktura ng wikang Filipino; h) kakulangan ng mga kagamitang pampagkatuto ng wika kagaya ng mga aklat, modyul, at iba pa; i) pagkapahiya sa pagsasalita sa Wikang Filipino; at j) pagkakaiba-iba sa kultural na aspeto.

Tinalakay sa naunang pag-aaral ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino, kung kaya ito ay makabuluhan sa kasalukuyang pag-aaral na

tumalakay sa mga kaparehong suliranin. Sa kabila ng nabanggit na pagkakahalintulad ng dalawang pag-aaral, ang naunang pag-aaral ay mas masalimuot dahil tumukoy ito sa mga suliraning naranasan ng mga banyagang mag-aaral sa isang pamantasan sa Kalakhang Maynila taliwas sa pananaliksik na isinagawa na tiyak na tumukoy sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika. Sa karagdagan, limitado ang saklaw ng pag-aaral ni Ancheta dahil nakatuon lamang ito sa pagtalakay sa mga suliranin sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral na tagasagot. Samantala, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pag-aanalisa sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula.

Garcia (2014) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Ang Suliranin at Pag-aangkop ng mga Guro ng Pampribadong Paaralan sa Pagtuturo Gamit ang Di-Kinagisnang wika sa Programang MTB-MLE". Kinalabasan sa pag-aaral na ito na ang mga suliraning kinahaharap ng mga kasangkot sa pagaaral ay: suliranin sa kakayahan ng guro sa wika, suliranin sa programa ng paaralan sa Mother Tongue Based Multilingual Education (MTB-MLE), suliranin sa mga kagamitang pampagtuturo at kakulangan sa paghahanda. Lumabas din sa pananaliksik na ito ang iba't ibang pamamaraan sa pag-aangkop at estratehiyang ginagamit ng mga guro upang matugunan ang mga

suliraning ito kabilang dito ang pagsasalin, pagsangguni, paghahanda at pagkakaroon ng mga pagpupulong.

Mayroong pagkakahalintulad ang pag-aaral ni Garcia at ang pananaliksik na ito dahil parehong naglayong alamin ang mga suliranin sa pagtuturo ng wika at ang pag-aangkop ng mga guro sa mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng wika. Sa kabila ng mga nabanggit na pagkakapareho sa pagitan ng nauna at kasalukuyang pag-aaral, mayroong maliwanag na pagkakaiba sa dalawang pag-aaral dahil ang una ay nilayong alamin ang mga suliranin sa wika sa ilalim ng MTB-MLE na programa, samantalang ang huli ay naglayong alamin ang mga suliranin sa pagtuturo ng wikang Filipino. Sa karagdagan, ang naunang pananaliksik ay nilagom ang mga epekto ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng wika, samantalang sa pag-aaral na ito ay tumuon sa mga piling tula bilang lunsaran sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Ramos (2013) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Guro sa Filipino sa Pagkalunsad ng MTB-MLE". Ang mga natuklasang suliranin ay nanguna ang kawalan ng mga kagamitang instruksiyonal, nagkaroon ng transliterasyon, koda na may kinalaman sa pagkakaroon ng code mixing at code switching, kakulangan ng tamang talasalitaan, at nagkaroon ng suliranin sa personalidad sa mga guro at sa mga mag-aaral.

Ngunit sa kabila ng mga nabanggit na suliranin ay nakakagawa pa rin ang mga guro ng mga paraan para magampanan nila ang kanilang mga tungkulin na siyang naging daan para makabuo ng mga modelong kwadrilateral at pabalisungsong.

Mas komplikado ang naunang pananaliksik dahil, pinag-aralan nito ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa Filipino sa ilalim ng pagkakalunsad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). Samantala, sa isinagawang pag-aaral, inalam ang mga suliranin sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo sa pangkalahatan, sa mga mag-aaral na sumailalim ng MTB-MLE sa kanilang batayang edukasyon, at sa mga mag-aaral na hindi sumailalim nito. Sa karagdagan, ang pananaliksik na ginawa ay mas tiyak na pinag-aralan ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino gamit ang mga piling tula bilang lunsaran at bilang dulong.

Ozen (2012) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Teaching Vocabulary through Poetry in an EFL Classroom". Kinalabasan sa pag-aaral na ito na mayroong mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat na tumanggap ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang mga tula. Sa karagdagan, nagtala ng mas mataas na iskor sa panghuling pagsusulit ang mga mag-aaral sa eksperimental na

pangkat kaysa sa mga mag-aaral sa kontrol na pangkat, lalo na sa kaalaman sa bokabularyo.

Magkatulad ang dalawang pag-aaral dahil parehong nagnais na tingnan ang pagkatuto sa wika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng tula. Sa kabila nito, ang naunang pag-aaral ay limitado ang saklaw dahil nakatuon lamang sa pagtuturo ng bokabularyo bilang isa sa mga aspeto ng struktura ng wika. Samantala, itong pananaliksik ay tumukoy sa pagtuturo ng wika sa pangkalahatan. Sa karagdagan, ang naunang pananaliksik ay isang eksperimental na pag-aaral, ang isinagawang pananaliksik ay isang deskriptibong pag-aaral.

Royo (2010) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Mga Saloobin at Suliranin ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo de Davao High School". Kinalabasan sa pag-aaral ay napag-alamang ang kapaligiran sa loob at labas ng kampus ay nararapat na sumuporta sa pagkatuto ng wika upang bigyan ito ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral.

Binanggit ang pag-aaral ni Royo sa pag-aaral na ginawa dahil sa pagbibigay nito ng ideya hinggil sa mga suliranin sa Filipino na nararanasan ng mga taong sangkot sa pagtuturo at pagkatuto nito. Subalit, mayroong mga pagkakaiba ang pag-aaral ni Royo at ang pag-aaral na ito. Una, ang pag-aaral ni Royo ay hinggil sa mga suliranin sa pagkatuto sa asignaturang

Filipino taliwas sa pag-aaral na tumalakay sa mga suliranin sa pagtuturo ng wikang Filipino. Pangalawa, ang naunang pag-aaral ay pinag-aralan bilang isa sa mga mahahalagang baryet ang saloobin sa Filipino ng mga mag-aaral na may kaibhan sa pag-aaral na ito na tinaya ang mga saloobin hinggil sa wikang Filipino ng mga mag-aaral bilang isa sa mga baryet.

Ang mga nabanggit na pag-aaral ay nagbigay ng mas malalim na pagtalakay hinggil sa pag-aaral ng wika gamit ang mga piling tula, mga suliraning kaakibat sa pag-aaral nito kung gamit ang mga piling tula, at ang mga estratehiyang maaaring gamitin upang mapadali ang pag-aaral nito. Kaugnay nito, ang mga nasabing pag-aaral ay nakapagpatibay at nakapagbigay ng mabisang pagtalakay sa mga tiyak na katanungan sa pag-aaral na ito sa kabila ng pagkakaiba sa lawak, saklaw, at mga prosesong ginamit ng mga naunang pag-aaral.

Kabanata 3

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pagtalakay sa iba't ibang mga metodolohiya na ginamit sa kasalukuyang pag-aaral upang bigyan ng kwantitatibong pag-aanalisa ang mga datos. Kabilang sa mga ito ay ang disenyo ng pananaliksik, lokal ng pag-aaral, instrumentasyon, balidasyon ng instrumento, pamamaraang sampling, paglikom ng mga datos, at paglalapat estadistika ng mga datos.

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ang deskriptibong uri ng pananaliksik sa pag-aaral na ito upang tukuyin ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo at pagkatuto ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan.

Ang deskriptibong uri ng pananaliksik ay ginamit upang isalarawan ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, huling marka sa Filipino sa Baitang 7, at saloobin hinggil sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot. Sa karagdagan, ginamit ang deskriptibong uri ng pananaliksik upang isalarawan din ang profayl ng mga gurong

tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita, mataas na edukasyong natamo, dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino at saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino.

Gamit ang deskriptibong uri ng pananaliksik, tinaya sa pag-aaral na ito ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika ng mga guro gamit ang mga piling tula batay sa kanilang sariling pananaw at ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kaangkupan ng mga instruksiyonal na materyal, kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum, kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo, at kawastuhan ng mga pang-ebalwasyong material. Isinagawa rin ang pagtataya sa ademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa mean percentage scores (MPS) sa una at pangalawang kwarter.

Isinagawa rin ang komparatibong pag-aanalisa upang matukoy ang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro. Samantala, ang kaugnayan sa pagitan ng mga pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at ang profayl baryet ng mga guro at mag-aaral na tagasagot; at sa pagitan ng akademikong performans ng mga

mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ay tinuos sa pag-aaral na ito gamit ang korelesyunal na pag-aanalisa.

Ang mga deskriptibo at inferential na estadistikang panukat ay ginamit kabilang ang Dalas ng Bilang o Frequency Count, Bahagdan o Percentage, Median o, Tamtaman o Mean, Standard Deviation, Average Deviation, Weighted Mean, t-Test for Independent Sample Means, Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r), Spearman's Rank Coefficient of Correlation (Spearman's ρ), at Fisher's t-Test.

Lokal ng Pag-aaral

Ang Figura 2 ay nagpapakita ng lokal ng pag-aaral, ang Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan.

Ang Pambansang Paaralan ng Samar ay pansekundaryang paaralan ng Lalawigan ng Samar na naitatag noong 1904. Nagsimula ang pormal ng pagkaklase noong Enero 1904, na may apat na guro mula sa 17 mga gurong Amerikano na dumating sa Samar. Si Ginoong Fredrick W. Abbot ang itinalaga bilang pansamantalang punong-guro, at ginamit sa pagtuturo ang lumang gusali na tinawag na Presidencia at iba't ibang maliliit na mga gusali sa palibot ng sambayanan.




Figura 2. Ang Mapa na Nagpapakita ng Lokal ng Pag-aaral

Ang gusali ng Pansekondaryang Paaralan ng Samar ay pinasinayaan noong 1917 sa panahon ng pamamahala ni Gobernador Clodualdo Lucero. Sa panahon ng pagpapasinaya sa gusaling paaralan, pinangalanan ito ng Pansekondaryang Paaralan ng Catbalogan at sa huli ito ay pinangalanan na Pansekondaryang Paaralan ng Samar.

Noong Disyembre 8, 1941, ang Pansekondaryang Paaralan ng Samar ay isinara dahil sa pagputok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pagkatapos ng digmaan, ang Kagawaran ng Edukasyon ay muling binuksan ang lahat ng mga paaralan sa buong Pilipinas noong taong 1945 kasama ang Pansekondaryang Paaralan ng Samar. Noong Hunyo 19, 1964, si Kongresista Fernando Veloso ng Batas Republika Blg 439 sa ilalim ng Ikalimang Pagpupulong ng Kongreso ng buong Republika ng Pilipinas na naipasa ang pagbabago ng Pansekondaryang Paaralan ng Samar at sa kasalukuyan nitong pagka Pambansang Paaralang katayuan na kinilalang Pambansang Paaralan ng Samar na naging nangunang paaralan ng edukasyong pansekondarya ng Samar.

Sa pamununo ng mga nakapaglingkod na mga punong-guro ng Pambansang Paaralan ng Samar, pinagsikapan nila na maging paaralang may kahusayan sa edukasyon, kung saan ang teknolohiyang ginagamit ay napakahusay na nagtaguyod ng masteri sa nilalaman at kalugud-lugod na mga valyus kabilang

ang mga administrador, mga guro, at mga mag-aaral na tutugon sa mga pangangailangan ng lipunan. Gayon din nangangakong itataas ang kalidad ng buhay na ipagkakaloob ng edukasyon na ang layunin ay malinang ang mga kakayahang pisikal, mental at ispiritwal ng mga mag-aaral, ipagkaloob sa kanila ang mga karanasan sa demokratikong paraan ng buhay at isaisip ang kinakailangan, matapat, produktibo at makabayang mamamayan na may paninindigan sa mga pangangailangan ng komunidad at ng bansa.

Instrumentasyon

Ang talatanungan ay ginamit bilang instrumento sa paglikom ng mga datos sa pag-aaral na ito.

Talatanungan. Ang talatanungan ay isa sa mga ginamit na instrumento upang malikom ang mga datos ng pag-aaral. Ito ay may dalawang uri para sa dalawang pangkat ng tagasagot: ang mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang at ang mga gurong nagtuturo ng Filipino. Ang parehong uri ng talatanungan ay binuo ng tatlong bahagi.

Ang unang bahagi ng parehong talatanungan ay naglaman ng profayl baryet ng mga tagasagot. Sa talatanungan sa mga mag-aaral na tagasagot, ang bahaging ito ay naglaman ng gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, at huling marka sa Filipino sa Baitang 7. Samantala, sa

talatanungan para sa mga gurong tagasagot, ang bahaging ito ay naglaman ng gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita, mataas na edukasyong natamo, dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino. Sa bahaging ito, ang mga tagasagot ay pinunan ang mga linyang espasyo ng hininging impormasyon at/o linagyan ng tsek na marka ang linyang espasyo na angkop sa kanilang mga kasagutan.

Ang ikalawang bahagi ng talatanungan ay isang tseklist na binuo ng 10 mga pangungusap na nagpahiwatig ng mga saloobin hinggil sa wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong tagasagot. Sa bahaging ito, linagyan ng tsek na marka ang hanay ng kasagutan ng mga tagasagot ayon sa limang puntong iskalang panukat: 5 para sa lubos na sumasang-ayon, 4 para sa sumasang-ayon, 3 para sa hindi tiyak, 2 para sa hindi sumasang-ayon, at 1 para sa lubos na hindi sumasang-ayon.

Ang ikatlong bahagi ng talatanungan ay isang tskelist na hinati sa apat na bahagi: kaangkupan ng mga instruksiyonal material, kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum, kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo, at kawastuhan ng mga pang-ebalwasyong materyal. Ang bawat bahagi ay naglaman ng 10 pangungusap na tumalakay sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro batay

sa kanilang sariling pananaw at ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa mga nabanggit na aspeto. Sa bahaging ito, ginamit ang sumusunod na limang puntong iskala upang sukatin ang mga pananaw ng mga tagasagot: 5 para sa palaging nararanasan, 4 para sa malimit maranasan, 3 para sa madalang maranasan, 2 para sa hindi gaanong nararanasan, at 1 para sa hindi nararanasan.

School Forms. Ang instrumentong ito ay ginamit upang makuha ang mga impormasyon hinggil sa ademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa mean percentage scores (MPS) sa una at pangalawang kwarter. Kabilang sa mga ito ay ang class record ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa ikawalong baitang kung saan nakatala ang iskor ng mga mag-aaral sa pagtataya sa una at pangalawang kwarter na siyang batayan upang matuos ang MPS.

Balidasyon ng Instrumento

Ang dalawang uri ng talatanungan ay hindi na sumailalim sa balidasyon.

Pamamaraang Sampling

Ang pag-aaral na ito ay linahukan ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang at mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020.

Upang tiyakin ang tamang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot, ang Slovin's formula ay ginamit (Pagoso, et al., 1979:135):

$$n = \frac{N}{1 + Ne^2}$$

kung saan:

- n - sample size;
- N - total population;
- 1 - constant; and
- e - margin of error.

Tinaya ang mga mag-aaral sa ikawalong baitang sa 1,219, at ang sample size 301. Ang pagkakabahagi ng mga mag-aaral sa bawat pangkat ay ipinapalita sa Talahanayan 1. Pagkatapos ng pagtataya, ang bawat indibidwal na mag-aaral na tagasagot ay pinili gamit ang stratified random sampling with replacement. Ang mga pangkat sa ikawalong baitang ang baryabol na ginamit sa stratification. Ang lottery method ang paraang ginamit upang matukoy ang tiyak na mag-aaral na tagasagot. Sa paraang ito, lahat ng mga pangalan ng mga mag-aaral na nakatala sa kasalukuyang panuruan ay isa-isang isinulat sa bawat kapisasong papel at inilagay sa fishbowl at binola hanggang sa makuha ang tamang bilang ng mga tagasagot. Ang mga pangalan ng mga mag-aaral na nabunot ang siyang nagsilbing mga tagasagot at siyang binigyan ng talatanungan.

Talahanayan 1

Mga Mag-aaral na Tagasagot

Pangkat	Kabuuang Populasyon	Sample
Diamond	46	11
Gold	46	11
Ruby	48	12
Emerald	46	11
Sapphire	48	12
Jade	46	11
Pearl	46	11
Opal	46	11
Peridot	47	12
Garnet	47	12
Carnelian	45	11
Sardonyx	46	11
Amethyst	46	11
Zircon	46	11
Topaz	46	11
Tourmaline	46	11
Turquoise	45	11
Onyx	46	11
Aquamarine	44	11
Amber	44	11
Moonstone	44	11
Jasper	47	12
Coral	45	11
SPA (Special Program in the Arts)	31	8
SPS (Special Program in Sports)	23	6
SPJ (Special Program in Journalism)	30	7
STE-Plato	36	9
STE-Aristotle	34	8
OHSP (Open Science High School)	7	3
HI (Hearing Impaired)	2	2
Kabuuan	1,219	301

Sa kabilang dako, total enumeration o pangkalahatang bilang ang ginamit upang matukoy ang mga gurong tagasagot na tinayang nasa 20 ang bilang. Ginamit ang pangkalahatang bilang sa pagtataya ng mga gurong tagasagot upang magkaroon ng pangkalahatang kinalabasan ng pag-aaral.

Paglikom ng mga Datos

Ang paglikom ng mga datos ay isinagawa sa pamamagitan ng pamimigay ng mga talatanungan sa dalawang pangkat ng tagasagot pagkatapos makahingi ng pahintulot sa mga kinauukulan sa Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, at sa mismong paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral. Isang liham paghingi ng pahintulot ang ginawa at isinumite sa Pansangay na Tagapamahala ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan upang maisagawa ang kasalukuyang pag-aaral sa Pambansang Paaralan ng Samar.

Kasabay nito, isang liham paghingi ng pahintulot ang ginawa at isinumite sa Punong Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar upang maisagawa ang pagbibigay ng mga talatanungan sa mga mag-aaral at gurong tagasagot. Upang matiyak na sigurado ang mga datos, ang mananaliksik ay personal na pumunta sa bawat klase ng napiling mga tagasagot.

Inisa-isa ang pamimigay ng mga talatanungan sa bawat napiling mag-aaral at gurong tagasagot sa tulong na rin ng mga tagapayo ng bawat klase sa Filipino. Walang ibinigay na takdang oras upang magkaroon ng sapat na panahon ang pagsagot nang buong laya. Isinagawa ang pagbibigay ng mga talatanungan sa dalawang unang linggo ng Marso 2020 sa oras ng kanilang klase sa Filipino. Subalit, mayroong mga tagasagot na hindi naglagay ng sagot sa ibang mga aytem at sa puntong ito, hindi

maaaring pwersahin ng mananaliksik ang mga tagasagot dahil sa isa sa mga alintuntunin sa ethical na aspeto ng pananaliksik ay ang hindi pagpilit sa mga tagasagot na sagutin ang aytem kung ito ay labag sa kanilang kalooban. Sinunod ng mananaliksik ang ethical na aspeto ng pananaliksik kahit walang ethical review na kinakailangan ang Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College.

Pagkatapos na kolektahin ang mga talatanungan, ang isinaayos, itinala, at sinuri ang mga datos para sa paglalapat estadistika.

Paglalatapat Estadistika ng mga Datos

Sa pagsagawa ng kwantitatibong pag-aanalisa ng mga datos, ang sumusunod na mga deskriptibo at inferential na estadistikang panukat ay ginamit: Dalas ng Bilang o Frequency Count, Bahagdan o Percentage, Median o, Tamtaman o Mean, Standard Deviation, Average Deviation, Weighted Mean, t-Test for Independent Sample Means, Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r), Spearman's Rank Coefficient of Correlation (Spearman's ρ), at Fisher's t-Test.

Dalas ng Bilang o Frequency Count. Ang dalas ng bilang o frequency count ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay ng mga datos personal ng mga mag-aaral at gurong tagasagot ayon sa dalas ng bilang. Kabilang sa mga datos na tinaya gamit

ang estadistikang ito ay ang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, at huling marka sa Filipino sa baitang 7 para sa mga mag-aaral na tagasagot; at gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita, mataas na edukasyong natamo, dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan, at bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino para sa mga gurong tagasagot.

Bahagdan o Percentage. Ang bahagdan o percentage ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay sa bigat ng bilang ng mga datos personal ng mga mag-aaral at gurong tagasagot ayon sa bigat ng mga ito. Kabilang sa mga datos na tinaya gamit ang estadistikang ito ay ang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, at huling marka sa Filipino sa baitang 7 para sa mga mag-aaral na tagasagot; at gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita, mataas na edukasyong natamo, dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan, at bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino para sa mga gurong tagasagot.

Ang pomulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:35):

$$P = f/N \times 100$$

kung saan:

P = ang natasang bahagan;

F = dalas ng bilang ng kategorya ng personal
na datos

N = kabuuang bilang ng tagasagot.

Mean. Ang estadistikang ito ay ginamit upang maibigay ang kwantitatibong paglalahad sa pangkalahatang gawi ng mga datos tulad ng gulang, at kabuuang buwanang kita ng pamilya. Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:35):

$$\mu = \frac{\sum X}{N}$$

Where:

$\bar{\mu}$ = ang natayang mean;

X = ang valyu ng nasumpungang varyabol; and

N = ang kabuuang bilang ng sampol.

Standard Deviation. Ginamit ang estadistikang ito upang matiyak ang dispersyon ng mga datos mula sa tamtaman tulad ng gulang, kabuuang buwanang kita ng pamilya, at iba pa. Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:52):

$$\sigma = \sqrt{\frac{1}{N} \sum_{i=1}^N (x_i - \mu)^2}$$

kung saan: σ ay ang natayang standard deviation;

$x_i - \mu^2$ ang squared deviation sa pagitan ng
score ng categorical value at ang mean; at

N ay ang kabuuang bilang ng sampol.

Weighted Mean. Ang estadistikang ito ay ginamit sa pagtataya ng saloobin hinggil sa wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at hinggil sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong tagasagot; at ang kanilang pananaw sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa limang puntos ng iskalang Likert gamit ang sumusunod na pormula (Freud at Simon, 1992:35):

$$\mu_w = \frac{\sum f_i W_i}{N}$$

kung saan: μ_w = ay ang natayang weighted mean;

f = ang dalas ng bilang ng nasumpungang
kategorya;

W = ang assigned weight ayon sa iskalang
Likert na limang puntos; at

N = ang kabuuang bilang ng sampol

Sa pagkakahulugan ng valyu ng weighted mean ang sumusunod ay ang patnubay na batayan:

4.50 - 5.00	Lubos na Sumasang-ayon	(LS)
	Palaging Nararanasan	(PN)
3.50 - 4.49	Sumasang-ayon	(S)
	Malimit Maranasan	(MM)
2.50 - 3.49	Hindi Tiyak	(HT)
	Madalang Maranasan	(MngM)

1.50 - 2.49	Hindi Sumasang-ayon	(HS)
	Hindi Gaanong Nararanasan	(HGN)
1.00 - 1.49	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	(LHS)
	Hindi Nararanasan	(HN)

t-Test for Independent Sample. Ang estadistikang ito ay ginamit upang matukoy kung may mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro.

$$t = \frac{\bar{X}_1 - \bar{X}_2}{\sqrt{S_p^2 \left(\frac{1}{N_1} + \frac{1}{N_2} \right)}}$$

kung saan:

t tumutukoy sa kinumpyut na t-test para sa malayang samples

$\bar{X}_1$ tumutukoy sa tamtaman ng unang pangkat

$\bar{X}_2$ tumutukoy sa tamtaman ng pangalawang pangkat

S_p^2 tumutukoy sa pooled variance

N_1 tumutukoy sa sample size ng unang pangkat

N_2 tumutukoy sa sample size ng pangalawang pangkat

Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation.

Ginamit ang Pearson's r sa pagtukoy ng kaugnayan sa pagitan ng mga pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika

gamit ang mga piling tula ng mga guro at ang profayl baryet ng mga guro at mag-aaral na tagasagot; at sa pagitan ng akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro (Freud and Simon, 1992:35):

$$r_{xy} = \frac{N\sum xy - (\sum x)(\sum y)}{\sqrt{[N\sum x^2 - (\sum x)^2][N\sum y^2 - (\sum y)^2]}}$$

Kung saan:

- r = the computed statistical value
- x = the independent variables (factors)
- y = the predicted variable
- N = the number of cases
- $\sum$ = the summation notation

Ang degri ng korelasyon ay binigyang interpretasyon batay sa Talahanayan ng Degri ng Linear Relationship na minungkahi ng SRTC (2003:104).

Fisher's t-test. Ginamit ang estadistikang ito upang masubok ang halaga ng nakuhang Pearson r. Ang pormulang ginamit ay (Best and Khan, 1998: 402-403):

$$t = r \sqrt{\frac{N - 2}{1 - r^2}}$$

Where:

- t ay tumutukoy sa natuos na Fisher's t;
- r ay tumutukoy sa halaga ng Pearson r; at

N ay tumutukoy sa bilang ng paired na sampol

Ang mga epotesis ay sinubok sa .05 antas ng halaga bilang batayan ng pagtanggap o pagtanggi.

Sa pagtiyak kung ang epotesis ay tatanggapin o tatanggihan ang sumusunod na decision rule ay ang gagawing batayan: tatanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga o ang p-valyu ay mas mataas kaysa .05 at tatanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay kaparehas o mas mataas pa kaysa kritikal na halaga o ang p-valyu ay kaparehas o mas mababa kaysa .05.

Talahanayan 2

Degri ng Linear Relationship

Coefficient of Linear Association	Interpretation
0	No linear association
$0 < p < +0.2$	Very weak linear association
$+0.2 \leq p < +0.4$	Weak linear association
$+0.4 \leq p < +0.6$	Moderate linear association
$+0.6 \leq p < +0.8$	Strong linear association
$+0.8 \leq p < +1.0$	Very strong linear association
+1.0	Perfect linear association

Kabanata 4

PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga nasumpungan sa pag-aaral na ito na kalakip ang pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos. Kalakip dito ay ang mga sumusunod: profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, profayl ng mga guro ng tagasagot, mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro, paghahambing sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro, pag-uugnay sa pagitan ng mga pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at ang mga nakilalang mga baryet, ademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa mean percentage scores (MPS) sa una at pangalawang kwarter, pag-uugnay sa pagitan ng akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro at implikasyon na nakuha sa kinalabasan ng pag-aaral.

Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Ang bahaging ito ay naglalahad ng profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at

kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, huling marka sa Filipino sa Baitang 7 at saloobin hinggil sa Wikang Filipino.

Gulang at Kasarian. Ang Talahanayan 3 ay naglalahad ng gulang at kasarian ng mga mag-aaral na tagasagot.

Mula sa naturang talahanayan ay mababatid na karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay may edad na 13 taon gulang na binubuo ng 152 o 50.51 bahagdan samantala ang 113 naman o 37.54 bahagdan ay 14 taon gulang at ang iba ay naibabahagi sa iba pang gulang.

Talahanayan 3

Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Gulang	Kasarian			Kabuuan	Bahagdan
	Lalaki	Babae	Di-Binanggit		
18	2	1	0	3	1.00
16	0	2	0	2	0.66
15	13	14	0	27	8.97
14	54	59	0	113	37.54
13	65	87	0	152	50.51
12	0	1	0	1	0.33
11	1	0	0	1	0.33
Di-Binanggit	0	0	2	2	0.66
Kabuuan	135	164	2	301	100.00
Bahagdan	44.90	54.50	0.60	100.00	
Panggitnang Gulang	13 taon gulang				
MAD	1 taon				

Ang panggitnang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 13 taon gulang na may mean average deviation (MAD) na isang taon. Ang datos na ito ay naghihiwatig na ang mga mag-aaral na tagasagot ay halos magkakaedad lamang na may isang taon na pagitan sa bawat isa. Ibig sabihin dito na ang lebel ng maturity ng mga mag-aaral ay halos pare-pareho lamang.

Sa karagdagan, karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mga babae na binubuo ng 164 o 54.50 bahagdan. Ang mga lalaki ay binubuo ng 135 o 44.90 bahagdan lamang. Ito ay nagpapatunay na mga babae ang higit na nakakarami na sumali sa pangangalap ng datos sa kadahilanang may marami ang bilang nila sa listahan ng mga mag-aaral at nagkataon na sila ay nasa paaralan sa oras ng pangangalap ng datos.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Ang Talahanayan 4 ay nagpapahayag ng kabuuang buwanang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot.

Talahanayan 4

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Buwanang Kita	Bilang	Bahagdan
Php20,001.00 at pataas	53	17.61
Php15,001.00-Php20,000.00	24	7.97
Php10,001.00-Php15,000.00	29	9.64
Php5,001.00-Php10,000.00	63	20.93
Php5,000.00 at pababa	132	43.85
Kabuuan	301	100.00

Makikita sa Talahanayan 4 na ang 132 o 43.85 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay kumikita ng Php5,000.00 at pababa kada buwan samantala ang 63 or 20.93 bahagdan ay may kita na Php5,001.00-Php10,000.00, 53 o 17.61 bahagdan sa kanila ay kumikita ng Php20,001.00 at pataas at ang iba ay naibabahagi sa iba pang nakilalang buwanang kita.

Ang datos na ito ay naghahayag na mayroong regular na buwanang kita ang pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot na siyang pinantutustos sa mga pangunahing pangangailangan ng pamilya. Subalit ang buwanang kita nila ay lubhang mababa lamang at may kahirapan silang makamit ang lahat ng kanilang pangangailangan ngunit binigyan ng halaga nila ang pag-aaral ng kanilang mga anak kung kayat sila ay kanilang pinapag-aral sa publikong paaralan na matatagpuan malapit sa kanila.

Sanligang Edukasyon ng Magulang. Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng sanligang edukasyon ng magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

Dito ay mababatid na ang 63 o 20.93 bahagdan sa mga tatay ay gradwado sa kolehiyo samantala ang 61 o 20.26 bahagdan ay umabot ng elementarya pero hindi nakapagtapos, 43 o 14.29 bahagdan ay umabot ng sekundarya pero hindi nakapagtapos, 40 o 13.29 bahagdan ay nakapagtapos ng elementarya, 33 o 10.96 bahagdan ay nakapagtapos ng sekundarya at ang iba ay naibabahagi sa iba pang lebel ng edukasyon.

Talahanayan 5

Sanligang Edukasyon ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Lebel ng Edukasyon	Tatay		Nanay	
	Bilang	Bahagdan	Bilang	Bahagdan
Gradwado ng Gradwadong Pag-aaral	26	8.64	30	9.97
May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral	9	2.99	14	4.65
Gradwado ng Kolehiyo	63	20.93	65	21.60
Umabot ng Kolehiyo pero Hindi Nakapagtapos	26	8.64	29	9.63
Nakapagtapos ng Sekundarya	33	10.96	34	11.30
Umabot ng Sekundarya pero Hindi Nakapagtapos	43	14.29	45	14.95
Nakapagtapos ng Elementarya	40	13.29	38	12.62
Umabot ng Elementarya pero Hindi Nakapagtapos	61	20.26	46	15.28
Kabuuan	301	100.00	301	100.00

Sa Talahanayan 5 pa rin ay mababatid na 65 o 221.60 bahagdan sa mga nanay ay gradwado sa kolehiyo samantala ang 46 o 15.28 bahagdan sa kanila ay umabot ng elementarya pero hindi nakapagtapos, 45 o 14.95 bahagdan ay umabot ng sekundarya pero hindi nakapagtapos, 38 o 12.62 bahagdan ay nakapagtapos ng elementarya, 34 o 11.30 bahagdan ay nakapagtapos ng sekundarya at ang iba ay naibabahagi sa iba pang nakilalang lebel ng edukasyon.

Ang naturang mga datos ay nagpapahiwatig na ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay pawang mga literado

na may kakayahang makapagbasa, makapagsulat at makaintindi ng simpleng mensahe.

Hanapbuhay ng Magulang. Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng hanapbuhay ng magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

Makikita sa talahanayan na 102 o 33.89 bahagdan sa mga tatay ay may may sariling negosyo samantala ang 64 o 21.26 bahagdan ay nagtatrabaho sa pampublikong opisina, 73 o 24.25 bahagdan ay may ibang hanapbuhay na hindi binanggit kung ano.

Talahanayan 6

Hanapbuhay ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Hanapbuhay	Tatay		Nanay	
	Bilang	Bahagdan	Bilang	Bahagdan
Nagtatrabaho sa Pampublikong Opisina	64	21.26	36	11.96
Nagtatrabaho sa Pribadong Opisina	20	6.64	15	4.99
Nagtuturo sa Pampublikong Paaralan	5	1.66	18	5.98
Nagtuturo sa Pribadong Paaralan	1	0.33	9	3.00
May Sariling Negosyo (Self-Employed)	102	33.89	92	30.56
Nagpapraktis ng Propesyon (Pagiging Doktor)	0	0.00	2	0.66
Naglilingkod sa Sandatahang Lakas (AFP)	7	2.33	1	0.33
Naglilingkod sa Sangay ng Kapulisan (PNP)	5	1.66	1	0.33
Nagtatrabaho bilang Manggagawa sa Labas ng Bansa	8	2.66	17	5.65
Iba pa	73	24.25	2	0.66
Nasa Bahay Lamang	16	5.32	108	35.88
Kabuuan	301	100.00	301	100.00

Makikita rin sa naturang talahanayan na 92 o 39.56 bahagdan sa mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot ay may sariling negosyo (self-employed), 36 o 11.96 bahagdan ang nagtatrabaho sa pampublikong opisina at ang iba ay naibabahagi sa iba pang hanapbuhay. Subalit may 108 o 35.88 bahagdan sa kanila ang nasa bahay lamang.

Ang naturang mga datos ay nagpapatunay na ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay pawang may hanapbuhay na pinagkukunan nila ng buwanang kita na siyang pangtutos sa mga pangangailangan ng pamilya. Kadalasan ang mga tatay ang may hanapbuhay bilang 'padre de pamilya' na mayroong responsibilidad na buhayin ang kanilang pamilya. Ang mga nanay ay kadalasang nasa bahay lamang upang asikasuhin ang pangangailangan ng bawat miyembro ng pamilya.

Huling Marka sa Filipino sa Baitang 7. Ang Talahanayan 7 ay naglalahad ng huling marka sa Filipino sa Baitang 7 ng mga mag-aaral na tagasagot.

Makikita sa naturang talahanayan na 140 o 46.51 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot ay nakakuha ng huling marka sa Filipino sa Baitang 7 na 80-84, 90 o 29.90 bahagdan ay nakakuha naman ng markang 85-89, 45 o 14.95 bahagdan ang nakakuha ng markang 90-94. Ang tamtamang huling marka ng mga mag-aaral na tagasagot sa Filipino sa Baitang 7 ay nataya sa 84.60 na may istandard na kaibhan na 4.84.

Talahanayan 7

Huling Marka sa Filipino sa Baitang 7 ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Marka sa Filipino 7	Bilang	Bahagdan
95-99	9	2.99
90-94	45	14.95
85-89	90	29.90
80-84	140	46.51
75-79	17	5.65
Kabuuan	301	100.00
Tamtaman		84.60
Istandard na Kaibhan		4.84

Ibig sabihin nito na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may kaaya-ayang huling marka sa Filipino sa Baitang 7, na nangangahulugang sila ay may mataas na antas ng pagkatuto sa asignaturang dahil ang natamong tamtaman ay mas mataas sa 75.

Saloobin sa Wikang Filipino. Ang Talahanayan 8 ay naghahayag ng saloobin sa wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

Mula sa talahanayan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay “sumang-ayon” sa lahat ng mga saloobin na may tamtamang halaga mula sa 3.68 hanggang 4.45. Ang mga saloobin na nakakuha ng mataas at mababang halaga ng tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod ay: “ang wikang Filipino ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kognitibong aspeto ng isang mag-aaral” at “hindi nakatutulong sa pagpapaunlad ng pang-akademikong pagganap sa lahat ng asignatura ang pagiging matatas magsalita ng wikang Filipino.”

Talahanayan 8

Saloobin sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
1. Ang wikang Filipino ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kognitibong aspeto ng isang mag-aaral.	4.45	S
2. Ang wikang Filipino ay makatutulong upang hubugin ang katangian ng mga mag-aaral bilang mga Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pagkakakilanlan.	4.29	S
3. Ang wikang Filipino ay makatutulong upang mabuksan ang maraming pagkakataon para sa kakailanganing trabaho sa hinaharap ng mga mag-aaral.	4.20	S
4. Mahirap matutunan ang mga alintunin sa paggamit at pagsasalita ng wikang Filipino lalo na sa bokabularyo at gramatika nito.	3.76	S
5. Nakakatakot at nakakahiya ang makapagtala ng mga mali sa pagsasalita ng wikang Filipino sa isang pormal na talakayan lalo na pagdating sa gramatika at iba pang kayarian ng wika.	3.87	S
6. Masarap pakinggan sa tainga ang pagsasalita ng wikang Filipino.	4.24	S
7. Hindi nakatutulong sa pagpapaunlad ng pang-akademikong pagganap sa lahat ng asignatura ang pagiging matatas magsalita ng wikang Filipino.	3.68	S
8. Ang pagtatamo ng mataas na antas ng kakayahan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat ay makatutulong upang paunlarin ang pagiging maaalam sa wikang Filipino.	4.26	S
9. Hindi masyadong nakatutulong ang wikang Filipino sa pagpapapaangat sa bansa sa pandaigdigang kalakalan dahil hindi maiintindihan ng mga banyaga ang wika.	3.75	S
10. Hindi masyadong napapansin ang isang mag-aaral kung nagsasalita ng wikang Filipino kaysa sa Wikang Ingles.	3.86	S

Kabuuang Tamtaman

4.04

Kahulugan

Sumasang-ayon

Pinagmulan:	4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon	(LS)
	3.50-4.49	Sumasang-ayon	(S)
	2.50-3.49	Hindi Tiyak	(HT)
	1.50-2.49	Hindi Sumasang-ayon	(HS)
	1.00-1.49	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	(LHS)

Sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay "sumang-ayon" pa rin sa kanilang saloobin sa wikang Filipino. Ito ay pinatutunayan sa pamamagitan ng kabuuang tamtaman na 4.04. Ibig sabihin nito na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may kaaya-ayang saloobin sa wikang Filipino na ibig ipahiwatig ay sila ay may mataas na interes sa pagkatuto dito.

Profayl ng mga Gurong Tagasagot

Ang bahaging ito ay naglalahad ng profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita, mataas na edukasyong natamo, dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino at saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino.

Gulang at Kasarian. Ang Talahanayan 9 ay naghahayag ng gulang at kasarian ng mga gurong tagasagot.

Mula na naturang talahanayan ay mababatid na dalawa o 10.00 bahagdan sa mga gurong tagasagot ay nasa 46 taong gulang, dalawa o 10.00 bahagdan ang 32 taon gulang, dalawa pa rin o 10.00 bahagdan ay 29 taon gulang at ang iba ay pareparehon naibabahagi sa iba pang gulang ng mga gurong tagasagot.

Ang tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 43.05 taon gulang na may estandard na kaiban sa kanilang pagitan na 13 taon.

Talahanayan 9

Gulang at Kasarian ng mga Gurong Tagasagot

Gulang	Kasarian		Kabuuan	Bahagdan
	Lalaki	Babae		
63	0	1	1	5.00
62	0	1	1	5.00
59	0	1	1	5.00
57	0	1	1	5.00
56	0	1	1	5.00
55	0	1	1	5.00
53	0	1	1	5.00
48	0	1	1	5.00
46	0	2	2	10.00
43	0	1	1	5.00
38	0	1	1	5.00
35	0	1	1	5.00
32	0	2	2	10.00
29	1	1	2	10.00
28	0	1	1	5.00
26	0	1	1	5.00
25	0	1	1	5.00
Kabuuan	1	19	20	100.00
Bahagdan	5.00	95.00	100.00	
Tamtaman	43.05 taon gulang			
Istandard na Kaibhan	13.00 taon			

Ito ay nagpapahiwatig na ang mga gurong tagasagot ay medyo mga bata pa na nasa gulang na kwarenta na nasa kalakasan ng kanilang edad at nasa tugatog ng kanilang career bilang mga guro. Sa karagdagan, halos lahat sa mga gurong tagasagot, maliban sa isa, ay kababaihan na binubuo ng 19 o 95.00 bahagdan. Isa lang ang lalaki sa kanila o limang bahagdan. Ito ay nangangahulugang ang propesyon ng pagtuturo ay karamihang para sa mga kababae.

Talahanayan 10

Katayuang Sibil ng mga Gurong Tagasagot

Katayuang Sibil	Bilang	Bahagdan
Walang Asawa	4	20.00
May Asawa	16	80.00
Kabuuan	20	100.00

Katayuang Sibil. Ang Talahanayan 10 ay naglalahad ng katayuang sibil ng mga gurong tagasagot.

Dito ay makikita na karamihan sa mga gurong tagasagot ay may asawa na binubuo ng 16 o 80.00 bahagdan at ang natirang apat na gurong tagasagot o 20.00 bahagdan ay wala pang asawa. Ang naturang datos ay nagpapahayag na ang mga gurong tagasagot ay may mga asawa na at may mga pamilyang itinataguyod.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Ang Talahanayan 11 ay naglalahad ng kabuuang buwanang kita ng pamilya ng mga gurong tagasagot.

Makikita na ang walo o 40.00 bahagdan sa mga gurong tagasagot ay may buwanang kita na Php25,001.00-Php30,000.00 samantala ang pito o 35.00 bahagdan ay kumikita ng Php20,001.00-Php25,000.00 buwan-buwan, dalawa o 10.00 bahagdan ang may kita na Php35,001.00 at pataas, dalawa pa rin o 10.00 bahagdan ay kumikita ng Php30,001.00-Php35,000.00 kada buwan at ang natitirang isang guro o limang bahagdan ay kumikita lang ng Php20,000.00 at pababa.

Talahanayan 11

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Gurong Tagasagot

Buwanang Kita	Bilang	Bahagdan
Php35,001.00 at pataas	2	10.00
Php30,001.00-Php35,000.00	2	10.00
Php25,001.00-Php30,000.00	8	40.00
Php20,001.00-Php25,000.00	7	35.00
Php20,000.00 at pababa	1	5.00
Kabuuan	20	100.00

Ang mga datos na naturan ay naghahayag na ang mga gurong tagasagot ay kumikita ng sapat para sa pangangailangan buwan-buwan ng bawat miyembro ng kanilang pamilya.

Mataas na Edukasyon na Natamo. Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng mataas na edukasyon na natamo ng mga gurong tagasagot.

Makikita sa talahanayan na 12 o 60.00 bahagdan sa mga gurong tagasagot ay may yunit sa gradwadong pag-aaral. Ang apat sa kanila o 20.00 bahagdan ay may degri sa gradwadong pag-aaral at apat din o 20.00 bahagdan ang batsilyer na edukasyon. Ang naturang mga datos ay nagpapahiwatig na ang mga gurong tagasagot ay pawang mga kwalipikado para sa pagtuturo sapagkat sila ay mga tapos sa batsilyer na edukasyon. Sa katunayan, sila ay nagsikap na madagdagan ang kanilang kaalaman sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa gradwadong pag-aaral para sa kanilang propesyonal at personal na kaunlaran na magagamit nila sa darating na panahon.

Talahanayan 12

Mataas na Edukasyong Natamo ng mga Gurong Tagasagot

Lebel ng Edukasyon	Bilang	Bahagdan
May Degri sa Gradwadong Pag-aaral	4	20.00
May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral	12	60.00
Batsilyer na Edukasyon	4	40.00
Kabuuan	20	100.00

Dami ng Salingkurang Pagsasanay na Nilahukan. Ang Talahanayan 13 ay nagpapakita ng dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan ng mga gurong tagasagot.

Sa talahanayan ay makikita ang dami ng salingkurang pagsasanay na dinaluhan ng mga gurong tagasagot: pangnasyunal, tatlong pagsasanay na may dami ng lumahok na 65.00 bahagdan; panrehiyunal, tatlong pagsasanay na may dami ng lumahok na 85.00 bahagdan; pansangay, tatlong pagsasanay na may dami ng lumahok na 55.00 bahagdan; pampurok, tatlong pagsasanay na may dami ng lumahok na 80.00 bahagdan; at pampaaralan, 13 pagsasanay na may dami ng lumahok na 40.00 bahagdan. Ang pangkalahatang dami ng salingkurang pagsasanay na dinaluhan ng mga gurong tagasagot ay tinaya sa limang pagsasanay na may dami ng lumahok na 65.00 bahagdan. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga gurong tagasagot ay nakadalo sa mga salingkurang pagsasanay upang madagdagan ang kanilang mga kaalaman sa pagtuturo.

Talahanayan 13

Dami ng Salingkurang Pagsasanay na Nilahukan ng mga Gurong Tagasagot

Lebel ng Pagsasanay	Dalas (Mode)	Dami ng Dumalo (Magnitude)
Pangnasyunal	3 na pagsasanay	65.00
Panrehiyunal	3 na pagsasanay	85.00
Pansangay	3 na pagsasanay	55.00
Pampurok	3 na pagsasanay	80.00
Pampaaralan	13 na pagsasanay	40.00
Pangkalahatang Dalas	5 na pagsasanay	65.00

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino. Ang Talahanayan 14 ay naglalahad ng bilang ng taon sa pagtuturo sa Filipino ng mga gurong tagasagot.

Mula sa naturang talahanayan ay mababatid na pito o 35.00 bahagdan sa mga gurong tagasagot ay naging guro na ng limang taon at isang araw hanggang 10 taon, lima naman o 25.00 bahagdan ang nagturo na ng 20 taon at isang araw at pataas, lima pa rin o 25.00 bahagdan ang naging guro sa loob ng isang taon at isang araw-limang taon pa lamang at ang isang guro o limang bahagdan ay nagturo na ng 10 taon at isang araw-15 taon.

Ang mga gurong tagasagot ay naging guro sa pampublikong paaralan ng medyo matagal-tagal na upang maging sapat ang kanilang karanasan upang mapataas ang kanilang kasanayan sa pagtuturo lalong lalo na sa wikang Filipino. Ang ibig sabihin nito na may sapat na karanasan ang mga guro na magturo ng wikang Filipino.

Talahanayan 14

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Gurong Tagasagot

Taon ng Pagtuturo	Bilang	Tamtaman
20 Taon at Isang Araw at Pataas	5	25.00
15 Taon at Isang Araw- 20 Taon	2	10.00
10 Taon at Isang Araw-15 Taon	1	5.00
Limang Taon at Isang Araw- 10 Taon	7	35.00
Isang Taon at Isang Araw- Limang Taon	5	25.00
Isang Taon at Pababa	0	0.00
Kabuuan	20	100.00

Saloobin Hinggil sa Pagtuturo ng Filipino. Ang Talahanayan 15 ay naglalahad ng saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong tagasagot.

Sa Talahanayan 15 ay makikita na ang mga gurong tagasagot ay "lubos na sumang-ayon" sa tatlong saloobin na nagsasaad na: "ang pagtuturo ng Filipino ay hindi madaling gawin dahil sa likas na kayarian ng wikang Filipino na siyang midyum na ginagamit," "ang iba't ibang mga estratehiya at mga kagamitang pampagtuturo ang nakapagpapadali sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral" at "ang pagtuturo ng wika ay isang adhikaing palaguin ang Wikang Filipino bilang isang matatag at makabuluhang wika," na may mga tamtamang halaga na 4.65, 4.65 at 4.55, ayon sa pagkasunod-sunod.

Talahanayan 15

Saloobin Hinggil sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Gurong Tagasagot

Saloobin	Tamtaman	Kahulu- gan
1. Ang pagtuturo ng Filipino ay hindi madaling gawin dahil sa likas na kayarian ng wikang Filipino na siyang midyum na ginagamit.	4.65	LS
2. Ang pagtuturo ng Filipino ay madaling gawin sa tulong ng iba't ibang uri ng panitikan kagaya ng mga tula.	4.25	S
3. Ang istruktura ng wikang Filipino ang pinakamatinding salik na nakapagpapahirap sa pagtuturo ng Filipino.	3.80	S
4. Ang iba't ibang mga estratehiya at mga kagamitang pampagtuturo ang nakapagpapadali sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral.	4.65	LS
5. Ang likas na kawalan ng kawilihan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ang isa sa nagpapahirap sa pagtuturo ng Filipino kahit pa gamit ang mga piling tula.	4.45	S
6. Ang pagtuturo ng wika ay kaaya-ayang karanasan para sa isang guro dahil nagbibigay ito ng kabuluhan ng pagiging isang ganap na Filipino.	4.25	S
7. Ang pagtuturo ng wika ay isang kawili-wiling karanasan na bumubuo sa kabuuan ng pagkatao ng isang guro ng wika.	4.49	S
8. Ang binagong ortograpiyang Filipino ay isa sa mga balakid sa pagtatamo ng mataas na antas na kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.	4.45	S
9. Ang mismong mga panuntunan ng bansa hinggil sa pagiging opsyonal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ang isa sa mga malakas na pwersa na nakapagpapababa ng loob sa mga gurong nagtuturo nito.	4.20	S
10. Ang pagtuturo ng wika ay isang adhikaing palaguin ang Wikang Filipino bilang isang matatag at makabuluhang wika.	4.55	LS
Kabuuang Tamtaman		4.38
Kahulugan		Sumasang-ayon

Pinagmulan:	4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon	(LS)
	3.50-4.49	Sumasang-ayon	(S)
	2.50-3.49	Hindi Tiyak	(HT)
	1.50-2.49	Hindi Sumasang-ayon	(HS)
	1.00-1.49	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	(LHS)

Sumang-ayon ang mga gurong tagasagot sa iba pang mga saloobin batay sa tamtamang halaga mula sa 3.80 hanggang 4.49. Ang mga saloobing "ang pagtuturo ng wika ay isang kawiliwiling karanasan na bumubuo sa kabuuan ng pagkatao ng isang guro ng wika" at "ang estruktura ng wikang Filipino ang pinakamatinding salik na nakapagpapahirap sa pagtuturo ng Filipino" ay binigyan ng mataas at mababang tamtaman. Sa pangkalahatan, ang mga gurong tagasagot ay "sumasang-ayon" sa kanilang saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino batay sa kabuuang tamtaman na 4.38 na ang ibig sabihin ay ang mga gurong tagasagot ay may kawilihang magturo ng Filipino.

Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika
Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro

Ang bahaging ito ay naglalahad ng suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo, kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum, kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo at kawastuhan ng pang-ebalwasyong materyal.

Kaangkupan ng Kagamitang Pampagtuturo. Ang Talahanayan 16 ay naglalahad ng suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo.

Makikita sa Talahanayan na sa pananaw ng mga gurong tagasagot walo sa mga suliranin ang "madalang maranasan" nila

na may tamtambang halaga mula 2.55 hanggang 3.40. Ang nakakuha ng mataas na tamtaman ay: "hindi tiyak ang lawak at saklaw ng mga kagamitang pampagtuturo na naglalaman ng mga piling tula, kagaya ng mga biswal na materyal na may mga halimbawa ng mga piling tula." Samantala, ang mga suliranin na "walang katuturang mga aklat na binibigyang pansin ang mga tula bilang dulong sa pag-aaral ng wika" at "hindi pagkakaroon ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo kagaya ng mga brochures, leaflets, at iba pang mga babasahin na mayroong mayamang halimbawa ng mga piling tula na maaaring magamit upang matutunan ang wikang Filipino" ay nakakuha ng mababang tamtaman.

Ang dalawang suliranin na tinasa ng mga gurong tagasagot na "hindi gaanong nararanasan" ay ang "hindi angkop na mga modyul at iba pang mga kagamitang pampagkatuto, halimbawa ang mga modyul na walang mga iba't ibang varayti ng mga tula na maaaring magamit sa pagtuturo ng wika" at "hindi angkop na paggamit ng mga piling tula na makukuha sa sosyal midya kagaya ng laganap na spoken poetry na makukuha kadalasan sa mga vlogs sa YouTube, sa Facebook, sa Instagram, at mga kahalintulad na midya," na may tamtaman na 2.45 at 2.25. Ang pangkalahatang tamtaman ay 2.79 na ang ibig sabihin ay madalang maranasan ng mga guro ang mga suliranin sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula.

Talahanayan 16

Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro ayon sa Kaangkupan ng mga Kagamitang Pampagtuturo

Suliranin	Guro		Mag-aaral	
	Tamta-man	Kahu-lugan	Tamta-man	Kahu-lugan
1.Hindi tiyak ang lawak at saklaw ng mga kagamitang pampagtuturo na naglalaman ng mga piling tula, kagaya ng mga biswal na materyal na may mga halimbawa ng mga piling tula	3.40	MngM	2.98	MngM
2.Walang katuturang mga aklat na binibigyang pansin ang mga tula bilang dulog sa pag-aaral ng wika	2.55	MngM	2.78	MngM
3.Hindi angkop na mga modyul at iba pang mga kagamitang pampagkatuto, halimbawa ang mga modyul na walang mga iba't ibang varayti ng mga tula na maaaring magamit sa pagtuturo ng wika	2.45	HGN	2.69	MngM
4.Hindi pagkakaroon ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo kagaya ng mga brochures, leaflets, at iba pang mga babasahin na mayroong mayamang halimbawa ng mga piling tula na maaaring magamit upang matutunan ang wikang Filipino	2.55	MngM	2.66	MngM
5.Hindi angkop na paggamit ng mga piling tula na makukuha sa sosyal midya kagaya ng laganap na spoken poetry na makukuha kadalasan sa mga vlogs sa YouTube, sa Facebook, sa Instagram, at mga kahalintulad na midya	2.25	HGN	2.74	MngM
6.Hindi pagkakaroon ng isang laboratoryo para sa paghahasa sa kakayahang komunikatibo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula	3.30	MnGN	2.65	MngM
7.Walang magandang istruktura para sa klasrum pangwika sa Filipino na kompleto sa mga tula	2.60	MngM	2.71	MngM

Talahanayan 16 karugtong

Suliranin	Guro		Mag-aaral	
	Tamta-man	Kahu-lugan	Tamta-man	Kahu-lugan
8. Walang magandang istruktura para sa klasrum pangwika sa Filipino na kompleto sa mga tula	2.60	MngM	2.71	MngM
9. Walang sapat na kompyuter na mayroong mga applications na panulaan kung saan makikita ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng tula na makapagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa wikang Filipino	3.20	MngM	2.78	MngM
10. Hindi angkop na mga dulong sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula kagaya ng interaktibong dulong, integratibong dulong, at iba pa	2.80	MngM	3.08	MngM
11. Walang mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula	2.80	MngM	2.82	MngM
Kabuuang Tamtaman	2.79		2.79	
Kahulugan	MngM		MngM	

Pinagmulan:	4.50-5.00	Palaging Nararanasan	(PN)
	3.50-4.49	Malimit Maranasan	(MM)
	2.50-3.49	Madalang Maranasan	(MngM)
	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nararanasan	(HGN)
	1.00-1.49	Hindi Nararanasan	(HN)

Sa Talahanayan 16 din ay mababatid na sa panig ng mga mag-aaral na tagasagot, kanilang tinasa ang lahat ng suliraning nakilala sa lawak na ito na "madalang maranasan" ng mga guro na may tamtamang halaga mula sa 2.65 hanggang 3.08. Sa mga ito, ang mga suliraning nakakuha ng mataas at

mababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod, ay ang nagsasaad na: "hindi angkop na mga dulong sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula kagaya ng interaktibong dulong, integratibong dulong, at iba pa" at "hindi pagkakaroon ng isang laboratoryo para sa paghahasa sa kakayahang komunikatibo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula." Sa pangkalahatan, tinasa ng mga mag-aaral ang suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo na "madalang maranasan" ayon sa kabuuang tamataman na 2.79. Sa paglagom, ang dalawang grupo ng tagasagot ay nagkapareho ang kanilang pananaw hinggil sa suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo batay sa tamtaman na 2.79, na "madalang maranasan". Ibig ipahiwatig dito na ang mga guro at mga mag-aaral ay pareho ang kanilang pananaw na ang lawak na ito ay madalang maranasan lamang.

Kaangkupan ng mga Gabay Pang-kurikulum. Ang Talahanayan 17 ay naglalahad ng suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum. Makikita sa naturang talahanayan na tinasa ng mga gurong tagasagot "hindi gaanong nararanasan" ang lahat ng suliranin na may mga tamtamang halaga mula sa 1.80 hanggang 2.20.

Talahanayan 17

Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro ayon sa Kaangkupan ng mga Gabay Pang-kurikulum

Suliranin	Guro		Mag-aaral	
	Tamta-man	Kahu-lugan	Tamta-man	Kahu-lugan
1.Hindi klarong pagkakahati-hati ng oras sa pag-aaral ng Filipino ayon sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino sa Baitang 8, lalo na sa paggamit ng iba't ibang lunsaran sa pagkatuto kagaya ng mga piling tula	2.15	HGN	2.83	MngN
2.Hindi klarong pagkakahanay ng mga kompetensi sa pagkatuto sa Filipino at ang kaakibat na mga dulong kagaya ng paggamit ng mga tula sa pagtuturo nito sa mga mag-aaral	2.20	HGN	2.83	MngM
3.Walang sapat na mga learners' at teachers' guide na angkop sa paggamit ng mga piling tula sa pagtuturo at pagkatuto sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino	2.05	HGN	2.77	MngM
4.Hindi angkop na mga takdang gawain sa klasrum pangwika sa Filipino gamit ang mga piling tula	1.95	HGN	2.67	MngM
5.Hindi angkop na mga layuning pangwika sa Filipino batay sa mga tiyak na aralin na nakasaad sa banghay aralin ng bawat mga guro, lalo na sa paggamit ng mga piling tula	1.80	HGN	2.86	MngN
6.Walang kaangkupan ang mga banghay aralin sa Filipino na nakatuon sa mga piling tula bilang dulong sa pagtuturo ng wika	1.80	HGN	2.76	MngM
7.Walang mga tiyak na kompetensi sa wika na nagtuturo sa paggamit ng mga piling tula bilang mahalagang dulong upang mapaunlad ang pagkatuto sa Wika sa isang tiyak na aralin sa tamang oras at panahon ng pagtuturo	2.10	HGN	2.09	HGN

Talahanayan 17 karugtong

Suliranin	Guro		Mag-aaral	
	Tamta-man	Kahu-lugan	Tamta-man	Kahu-lugan
8. Walang mga tiyak at angkop na pedagohikal na kagamitan ng mga guro na nagbibigay ng instruksyon sa paggamit ng mga piling tula	2.15	HGN	2.75	MngM
9. Hindi nabibigyan ng pansin sa masusing banghay aralin sa Filipino ang mga piling tula bilang sentro ng lahat ng mga gawain	2.05	HGN	2.61	MngM
10. Walang masyadong mga kompetensi na ayon sa panulaan para sa mga mag-aaral	2.05	HGN	3.02	MngM
Kabuuang Tamtaman	2.03		2.72	
Kahulugan	HGN		MngM	

Pinagmulan:	4.50-5.00	Palaging Nararanasa	(PN)
	3.50-4.49	Malimit Maranasan	(MM)
	2.50-3.49	Madalang Maranasan	(MngM)
	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nararanasan	(HGN)
	1.00-1.49	Hindi Nararanasan	(HN)

Sa mga ito, ang suliranin na nabigyan ng mataas na tamtaman ay nagsasaad na: "hindi klarong pagkakahanay ng mga kompetensi sa pagkatuto sa Filipino at ang kaakibat na mga dulong kagaya ng paggamit ng mga tula sa pagtuturo nito sa mga mag-aaral."

Sa kabilang banda ang mga sumusunod na suliranin ay parehong nakakuha ng mababang tamtaman na nagsasaad na: "hindi angkop na mga layuning pangwika sa Filipino batay sa mga tiyak na aralin na nakasaad sa banghay aralin ng bawat

mga guro, lalo na sa paggamit ng mga piling tula” at “walang kaangkupan ang mga banghay aralin sa Filipino na nakatuon sa mga piling tula bilang dulong sa pagtuturo ng wika.”

Sa pangkalahatan, ayon sa pananaw ng mga gurong tagasagot, ang suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum ay “hindi gaanong nararanasan” nila na pinagtibay ng kabuuang tamataman na 2.03.

Mula rin sa Talahanayan 17 ay mababatid na tinasa ng mga mag-aaral na tagasagot ang siyam na suliranin na kasangkot dito na “madalang maranasan” nila na may mga tamtamang mula sa 2.61 hanggang 3.02. Ang mga suliraning nakakuha ng mataas at mababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod, ay nagsasaad na: “hindi nabibigyan ng pansin sa masusing banghay aralin sa Filipino ang mga piling tula bilang sentro ng lahat ng mga gawain” at “walang masyadong mga kompetensi na ayon sa panulaan para sa mga mag-aaral.”

Sa pangkalahatan, ayon sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot, ang suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum ay “madalang maranasan” na pinagtibay ng kabuuang tamataman na 2.72.

Sa paglagom, ang dalawang grupo ng tagasagot ay nagkaiba ng pananaw sa suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika

gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum. Ang mga gurong tagasagot ay nagbigay ng kabuuang tamtaman na 2.03 na nagkakahulugan ng "hindi gaanong nararanasan," ang mga mag-aaral na tagasagot ay nagbigay ng kabuuang tamtaman na 2.72 na ibig sabihin ay "madalang maranasan." Ang ibig sabihin nito na sila ay may magkaibang pananaw hinggil sa suliranin dahil magkaiba ang pagkasangkot nila rito. Ang mga guro ay aktwal na nakakaranas nito samantalang ang mga mag-aaral ay mga tagapakinabang sa resulta ng pagtuturo ng mga guro.

Kasanayan sa Paggamit ng Tula sa Pagtuturo. Ang Talahanayan 18 ay naglalahad ng suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika ng mga guro ayon sa kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo.

Makikita sa talahanayan na "hindi gaanong nararanasan" ng mga gurong tagasagot ang siyam na suliranin na may mga tamtamang halaga mula sa 1.70 hanggang 2.30. Ang suliranin na may mataas at mababang tamtaman ay "walang mga kagamitang pansariling ebalwasyon ng pagiging wasto ng mga piling tula sa bawat kompetensi na kailangang matamo sa bawat mag-aaral ng wika" at "maikling panahong ginugol sa pag-aaral ng pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula." Ang suliranin na hindi pagiging maalam sa lahat ng mga kaganapan hinggil sa wikang Filipino "hindi nararanasan" batay sa tamtamang 1.50.

Talahanayan 18

Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro ayon sa Kasanayan sa Paggamit ng Tula sa Pagtuturo

Suliranin	Guro		Mag-aaral	
	Tamta-man	Kahu-lugan	Tamta-man	Kahu-lugan
1. Walang sapat na salingkurang pagsasanay sa paggamit ng mga tula sa pagtuturo ng wika	2.05	HGN	2.75	MngM
2. Hindi masyadong mataas na edukasyong natamo na magbibigay ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula	2.05	HGN	2.72	MngM
3. Maikling panahong ginugol sa pag-aaral ng pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula	1.70	HGN	2.80	MngM
4. Hindi pagiging maalam sa iba't ibang istrategya ng pagtuturo na gamit ang tula para sa wika	2.05	HGN	2.69	MngM
5. Hindi pagiging maalam sa iba't ibang uri ng mga tula na maaaring gamitin sa pagtuturo ng wika	2.05	HGN	2.55	MngM
6. Hindi tamang paggamit ng oras at panahon na maituro ang wika gamit ang mga piling tula	1.95	HGN	2.63	MngM
7. Hindi pagkakaroon ng malay sa kakayahan ng mga mag-aaral na matutunan ang wika gamit ang mga tula	1.95	HGN	2.71	MngM
8. Walang gaanong kaalaman sa kayarian at struktura ng mga tula na aangkop sa bawat aspeto ng wika na ituturo sa mga mag-aaral	2.05	HGN	2.57	MngM
9. Walang mga kagamitang pang-sariling ebalwasyon ng pagiging wasto ng mga piling tula sa bawat kompetensi na kailangang matamo sa bawat mag-aaral ng wika	2.30	HGN	2.81	MngM
10. Hindi pagiging maalam sa lahat ng mga kaganapan hinggil sa wikang Filipino	1.50	HN	2.64	MngM
Kabuuang Tamtaman	1.97		2.69	

Talahanayan 18 karugtong

Suliranin	Guro		Mag-aaral	
	Tamta-man	Kahu-lugan	Tamta-man	Kahu-lugan
Kahulugan	HGN		MngM	
Pinagmulan:	4.50-5.00	Palaging Nararanasa	(PN)	
	3.50-4.49	Malimit Maranasan	(MM)	
	2.50-3.49	Madalang Maranasan	(MngM)	
	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nararanasan	(HGN)	
	1.00-1.49	Hindi Nararanasan	(HN)	

Sa pangkalahatan, ayon sa pananaw ng mga gurong tagasagot, ang suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum ay “hindi gaanong nararanasan” nila na pinagtibay ng kabuuang tamataman na 1.97.

Mula rin sa Talahanayan 18 ay mababatid na tinasa ng mga mag-aaral na tagasagot ang siyam na suliranin na kasangkot dito na “madalang maranasan” nila na may mga tamtamang mula sa 2.55 hanggang 2.81. Ang mga suliraning nakakuha ng mataas at mababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod, ay nagsasaad na: “walang mga kagamitang pang-sariling ebalwasyon ng pagiging wasto ng mga piling tula sa bawat kompetensi na kailangang matamo sa bawat mag-aaral ng wika” at “hindi pagiging maalam sa iba’t ibang uri ng mga tula na maaaring gamitin sa pagtuturo ng wika.”

Sa pangkalahatan, ayon sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot, ang suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika

gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum ay “madalang maranasan” na pinagtibay ng kabuuang tamataman na 2.69.

Sa paglagom, ang dalawang grupo ng tagasagot ay nagkaiba ng pananaw sa suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum. Ang mga gurong tagasagot ay nagbigay ng kabuuang tamtaman na 1.97 na nagkakahulugan ng “hindi gaanong nararanasan,” ang mga mag-aaral na tagasagot ay nagbigay ng kabuuang tamtaman na 2.69 na ibig sabihin ay “madalang maranasan.” Ibig ipahiwatig dito na sila ay may magkakaibang pananaw hinggil sa naturang suliranin sa dahilang magkaiba rin ang pagkasangkot nila rito. Ang mga guro ay aktwal na nakakaranas dito samantala ang mga mag-aaral ay mga tagapakinabang sa resulta ng pagtuturo ng mga guro na gamit ang mga piling tula. Kung kaya’t naisip ng mga mag-aaral na may madalang na suliranin sa dahilang sila ay minsan nahihirapang makaintindi sa wikang Filipino sa pamamagitan ng mga piling tula.

Kawastuhan ng Pang-Ebalwasyong Materyal. Ang Talahanayan 19 ay naglalahad ng suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kawastuhan ng pang-ebalwasyong materyal. May 10 suliranin na nasangkot dito na tinasa ng mga tagasagot.

Talahanayan 19

Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula ng mga Guro ayon sa Kawastuhan ng Pang-Ebalwasyong Materyal

Suliranin	Guro		Mag-aaral	
	Tamta-man	Kahu-lugan	Tamta-man	Kahu-lugan
1. Hindi pagbibigay ng panahon na makita at matuos ang bawat output ng bawat isang mag-aaral sa wika na gamit ang mga piling tula bilang lunsaran	1.60	HGN	2.63	MngM
2. Hindi maayos na mekanismo ng fidbak para sa mga mag-aaral at sa kanilang mga magulang na makakuha ng impormasyon hinggil sa pang-akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pangkahalatan, at sa wikang Filipino, sa katiyakan	1.45	HN	2.55	MngM
3. Hindi klaro at maayos na tseklist na naglalaman ng mga rubriks na kailangang gamitin sa pagtataya ng pang-akademikong performans sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula	1.65	HGN	2.53	MngM
4. Walang talahanayan ng ispisikasyon upang mataya nang maayos ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wika gamit ang mga piling tula	1.45	HN	2.58	MngM
5. Hindi pagsumite ng angkop na item analyser upang matukoy ang kahinaan ng mga mag-aaral sa aspeto ng wika kung gamit ang mga piling tula	1.90	HGN	2.54	MngM
6. Hindi napapanahong pagtataya ng kakayahan sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga pagsusulit sa panulaan	1.60	HGN	2.58	MngM
7. Hindi napapanahong pagsusulit na pagsusuri o diagnostic tests kagaya ng mga lagumang pagsusulit para sa kaalaman sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula	1.60	HGN	2.55	MngM

Talahanayan 19 karugtong

Suliranin	Guro		Mag-aaral	
	Tamta-man	Kahu-lugan	Tamta-man	Kahu-lugan
8. Hindi pagtalakay sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula sa harap ng mga magulang sa bawat portfolio day sa bawat markahan	1.55	HGN	2.66	MngM
9. Walang bulletin ng mga resulta ng mga pagsusulit ng mga mag-aaral sa kanilang asignaturang Filipino	1.60	HGN	2.47	HGN
10. Walang panahunang pagtataya sa pang-wikang pagganap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino gamit ang mga piling tula	1.60	HGN	2.50	HGN
Kabuuang Tamtaman	1.60		2.56	
Kahulugan	HGN		MngM	
Pinagmulan:	4.50-5.00	Palaging Nararanasa	(PN)	
	3.50-4.49	Malimit Maranasan	(MM)	
	2.50-3.49	Madalang Maranasan	(MngM)	
	1.50-2.49	Hindi Gaanong Nararanasan	(HGN)	
	1.00-1.49	Hindi Nararanasan	(HN)	

Makikita sa naturang talahanayan na tinasa ng mga gurong tagasagot ang walo na suliranin na napaloob sa lawak na ito na "hindi gaanong nararanasan" nila na may mga tamtamang halaga mula sa 1.55 hanggang 1.90. Sa mga ito, ang suliranin na nabigyan ng mataas at mababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod, ay nagsasaad na: "hindi pagsumite ng angkop na item analyser upang matukoy ang kahinaan ng mga mag-aaral sa aspeto ng wika kung gamit ang mga piling tula" at "hindi pagtalakay sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral gamit ang

mga piling tula sa harap ng mga magulang sa bawat portfolio day sa bawat markahan."

Ang natirang dalawang suliranin ay tinasa ng mga gurong tagasagot na "hindi nararanasan" nila sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula. Ito ay ang mga suliraning nagsasaad na: "hindi maayos na mekanismo ng fidbak para sa mga mag-aaral at sa kanilang mga magulang na makakuha ng impormasyon hinggil sa pang-akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pangkahalatan, at sa wikang Filipino, sa katiyakan" at "walang talahanayan ng espisikasyon upang mataya nang maayos ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wika gamit ang mga piling tula," na parehong nakakuha ng tamtamang 1.45.

Sa pangkalahatan, ayon sa pananaw ng mga gurong tagasagot, ang suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum ay "hindi gaanong nararanasan" nila na pinagtibay ng kabuuang tamataman na 1.60.

Mula rin sa Talahanayan 19 ay mababatid na tinasa ng mga mag-aaral na tagasagot ang wslo na suliranin na kasangkot dito na "madalang maranasan" nila na may mga tamtamang mula sa 2.53 hanggang 2.66. Ang mga suliraning nakakuha ng mataas at mababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod, ay nagsasaad na: "hindi pagtalakay sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral

gamit ang mga piling tula sa harap ng mga magulang sa bawat portfolio day sa bawat markahan” at “hindi pagtalakay sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula sa harap ng mga magulang sa bawat portfolio day sa bawat markahan.”

Ang natirang dalawang suliranin ay tinasa ng parehong grupo ng tagasagot na “hindi gaanong nararanasan” ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum. Ito ay ang nagsasaad na: “walang panahunang pagtataya sa pang-wikang pagganap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino gamit ang mga piling tula” at “walang bulletin ng mga resulta ng mga pagsusulit ng mga mag-aaral sa kanilang asignaturang Filipino,” na may tamtamang 2.50 at 2.47, ayon sa pagkasunod-sunod.

Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot Hinggil sa mga Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula

Ang Talahanayan 20 ay naglalahad ng paghahambing sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo, kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum, kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo at kawastuhan ng pang-ebalwasyong materyal.

Talahanayan 20

**Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na
Tagasagot Hinggil sa mga Suliraning Kinakaharap sa
Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula**

Aspeto	Halaga ng t		Degri ng Kalaya- an	Halaga ng p	Ebalwasyon/ Desisyon
	Natuos	Kritikal			
Kaangkupan ng mga Kagamitang Pampagtu- turo	.008	<u>+2.101</u>	18	0.994	Di- Mahalaga/ Tanggapin ang Epotesis
Kaangkupan ng mga Ga- bay PangKu- rikulum	-7.670	<u>+2.101</u>	18	0.000	Mahalaga/ Tanggihan ang Epotesis
Kasanayan sa Paggamit ng Tula sa Pagtuturo	-9.622	<u>+2.101</u>	18	0.000	Mahalaga/ Tanggihan ang Epotesis
Kawastuhan ng mga Pang-Ebal- wasyong Materyal	- 22.138	<u>+2.101</u>	18	0.000	Mahalaga/ Tanggihan ang Epotesis

Kritikal na Halaga= +2.101
Degri ng Kalayaan= 18 $\alpha=.05$

M - Mahalaga
DM - Di-Mahalaga

Kaangkupan ng mga Kagamitang Pampagtuturo. Sa paghahambing sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo sa pamamagitan ng pagtatayang t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay tinaya sa .008 na may halaga ng p na 0.994 sa α na .05 at sa

degri ng kalayaan na 18. Ang kritikal na halaga ay itinalaga sa ± 2.101 . Sa karagdagan, sa pagtiyak ng halaga ng nakitang kaibhan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kasarian, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa halaga ng α na ginamitan ng sumusunod na pamantayan: kung ang natuos na halaga ay mas mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mataas kaysa α , ang kaibhan ay di-mahalaga sumakatuwid tanggapin ang epotesis subalit kung ang natuos na halaga ay mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mababa kaysa α , ang kaibhan ay mahalaga sumakatuwid tanggihan ang epotesis.

Sa paghahambing sa mga naturang mga halaga ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mataas kaysa α , ibig ipahiwatig dito na ang kaibhan sa pananaw sa pagitan ng dalawang grupo ng tagasagot ay di-mahalaga na ang ibig sabihin ay parepareho lang ang pananaw ng mga guro at mga mag-aaral hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na: "walang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral hinggil sa mga suliraning kinakaharap

sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo," ay tinanggap.

Kaangkupan ng mga Gabay Pangkurikulum. Sa paghahambing sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum sa pamamagitan ng pagtatayang t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay tinaya sa -7.670 na may halaga ng p na 0.000 sa α na $.05$ at sa degri ng kalayaan na 18 . Ang kritikal na halaga ay itinalaga sa ± 2.101 . Sa karagdagan, sa pagtiyak ng halaga ng nakitang kaibhan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kasarian, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa halaga ng α na ginamitan ng sumusunod na pamantayan: kung ang natuos na halaga ay mas mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mataas kaysa α , ang kaibhan ay di-mahalaga sumakatuwid tanggapin ang epotesis subalit kung ang natuos na halaga ay mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mababa kaysa α , ang kaibhan ay mahalaga sumakatuwid tanggihan ang epotesis.

Sa paghahambing sa mga naturang mga halaga ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mababa kaysa

α, ibig ipahiwatig dito na ang kaibhan sa pananaw sa pagitan ng dalawang grupo ng tagasagot ay mahalaga na ang ibig sabihin ay nagkakaiba ang pananaw ng mga guro at mga mag-aaral hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na: "walang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga gabay pangkurikulum," ay tinanggihan.

Ibig ipahiwatig dito na ang pananaw ng mga guro ay naiiba sa pananaw ng mga mag-aaral sa kadahilanang magkaiba ang pagkasangkot ng mga ito sa pagtuturo na gamit ang mga piling tula. Ang mga guro ay direktang nagtuturo gamit ang gabay pang-kurikulum at sa paniniwala nila ay hindi sila gaanong nakakaranas ng suliranin samantala ang mga mag-aaral ay ang direktang tagatanggap ng pagtuturo ng mga guro na mararamdaman nila ang suliranin dahil sa minsanang hirap sa kanilang pagkatuto.

Kasanayan sa Paggamit ng Tula sa Pagtuturo. Sa paghahambing sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagtatayang

t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay tinaya sa -9.622 na may halaga ng p na 0.000 sa α na $.05$ at sa degri ng kalayaan na 18 . Ang kritikal na halaga ay itinalaga sa ± 2.101 . Sa karagdagan, sa pagtiyak ng halaga ng nakitang kaibhan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kasarian, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa halaga ng α na ginamitan ng sumusunod na pamantayan: kung ang natuos na halaga ay mas mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mataas kaysa α , ang kaibhan ay di-mahalaga sumakatuwid tanggapin ang epotesis subalit kung ang natuos na halaga ay mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mababa kaysa α , ang kaibhan ay mahalaga sumakatuwid tanggihan ang epotesis.

15. Ang dalawang grupo ng tagasagot ay nagkaiba ng pananaw sa suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum. Ang mga gurong tagasagot ay nagbigay ng kabuuang tamtaman na 2.03 na nagkakahulugan ng "hindi gaanong nararanasan," ang mga mag-aaral na tagasagot ay nagbigay ng kabuuang tamtaman na 2.72 ibig sabihin ay "madalang maranasan."

16. Ang dalawang grupo ng tagasagot ay nagkaiba ng pananaw sa suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ng mga guro ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum batay sa 1.97 na tamtaman para sa mga gurong tagasagot na nangahulugang "hindi gaanong nararanasan" at 2.69 na tamtaman para sa mga mag-aaral na tagasagot na nangahulugang "madalang maranasan".

17. Sa paghahambing sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ay mahalaga ayon sa kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum, kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo at kawastuhan ng pang-ebalwasyong materyal. At di-mahalaga ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo.

18. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga pananaw ng mga guro hinggil sa mga suliraning kinakahap sa pagtuturo ng mgs piling tula at ang kanilang profayl baryet, ayon gulang, di-mahalaga; kasarian, di-mahalaga; katayuang sibil, di-mahalaga; kabuuang buwanang kita, di-mahalaga; mataas na edukasyong natamo, di-mahalaga; dami ng salingkurang pagsasanay na nilahukan, di-mahalaga; bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, di-mahalaga; at saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino, di-mahalaga.

19. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa mga suliraning kinakahap ng mga guro sa pagtuturo ng mgs piling tula at ang kanilang profayl baryet, ayon sa gulang, di-mahalaga; kasarian, di-mahalaga; kabuuang buwanang kita ng pamilya, do-mahalaga; sanligang edukasyon ng mga magulang, di-mahalaga; hanapbuhay ng mga magulang, di-mahalaga; huling marka sa Filipino sa Baitang 7, di-mahalaga; at saloobin hinggil sa Wikang Filipino, mahalaga.

20. Ang kabuuang tamtaman ng akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot sa una at pangalawang kwarter ay tinaya sa 86.50 na may istandard na kaibhan na 4.51.

21. Sa pag-uugnay sa pagitan ng akademikong performans ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula, ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo, mahalaga; kaangkupan ng mga gabay pang-kurikulum, mahalaga; kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo, mahalaga; at kawastuhan ng pang-ebalwasyong materyal, mahalaga.

Mga Konklusyon

Ang sumusunod ay ang mga konklusyon na hango sa kinalabasan sa pag-aaral:

1. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay halos magkakaedad lamang na may isang taon na pagitan sa bawat isa. Ibig sabihin dito na ang lebel ng maturity ng mga mag-aaral ay halos parepareho lamang kung saan mga babae ang higit na nakakarami na sumali sa pangangalap ng datos sa kadahilanang may marami ang bilang nila sa listahan ng mga mag-aaral at nagkataon na sila ay nasa paaralan sa oras ng pangangalap ng datos.

2. Mayroong regular na buwanang kita ang pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot na siyang pinantutustos sa mga pangunahing pangangailangan ng pamilya. Subalit ang buwanang kita nila ay lubhang mababa lamang at may kahirapan silang

makamit ang lahat ng kanilang pangangailangan ngunit binigyan ng halaga nila ang pag-aaral ng kanilang mga anak kung kayat sila ay kanilang pinapag-aral sa publikong paaralan na matatagpuan malapit sa kanila.

3. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay pawang mga literado na may kakayahang makapagbasa, makapagsulat at makaintindi ng simpleng mensahe na magiging pabor sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

4. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay pawang may hanapbuhay na pinakukunan nila ng buwanang kita na siyang pangtutos sa mga pangangailangan ng pamilya. Kadalasan ang mga tatay ang may hanapbuhay bilang 'padre de pamilya' na mayroong responsibilidad na buhayin ang kanilang pamilya. Ang mga nanay ay kadalasang nasa bahay lamang upang asikasuhin ang pangangailangan ng bawat miyembro ng pamilya.

5. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay may kaaya-ayang huling marka sa Filipino sa Baitang 7. Ibig sabihin sila ay may mataas na antas ng pagkatuto sa asignaturang ito sa pamamagitan ng natamong tamtaman na mas mataas pa sa itinalagang marka na 75.

6. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mataas na kawilihang matuto sa Filipino.

7. Ang mga gurong tagasagot ay medyo mga bata pa na nasa gulang na kwarenta na nasa kalakasan ng kanilang edad at na

sa tugatog ng kanilang career bilang mga guro at karamihan sa mga yumakap sa pagtuturo ay mga kababaehan sa simula pa lang ng magtaguyod sila ng kanilang karera sa kolehiyo.

8. Ang mga gurong tagasagot ay may kanikaniyang pamilya na itinataguyod sa pamamagitan ng kinikita nila sa kanilang propesyon. Maaring ang iba ay wala pang asawa, subalit ang kanilang magulang at mga kapatid ay sakop pa rin ng mga itinataguyod nila.

9. Ang mga gurong tagasagot ay kumikita ng sapat para sa pangangailangan buwan-buwan ng bawat miyembro ng kanilang pamilya.

10. Ang mga gurong tagasagot ay pawang mga kwalipikado para sa pagtuturo sapagkat sila ay mga tapos sa batsilyer na Edukasyon. Sa katunayan, sila ay nagsikap na madagdagan ang kanilang kaalaman sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa gradwadong pag-aaral para sa kanilang propesyonal at personal na kaunlaran na magagamit nila sa darating na panahon.

11. Ang mga gurong tagasagot ay nagsikap na madagdagan ang kanilang kaalaman sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagdalo sa salingkurang pagsasanay sa iba't ibang lebel sa bawat pagkakataon na ibinigay sa kanila.

12. Ang mga gurong tagasagot ay may sapat na karanasan upang mapataas ang kanilang kasanayan sa pagtuturo lalong lalo na sa wikang Filipino.

13. Ang mga gurong tagasagot ay may mataas na pagkawili sa pagtuturo ng asignaturang ito.

14. Ang mga guro at mga mag-aaral ay pareho ang kanilang pananaw na ang lawak na ito ay madalang maranasan lamang.

15. Ang dalawang grupo ng tagasagot ay may magkakaibang pananaw hinggil sa naturang suliranin sa dahilang magkaibang rin ang pagkasangkot nila dito. Ang mga guro ay actual na nakakaranas dito samantala ang mga mag-aaral ay mga tagapakinabang sa resulta ng pagtuturo ng mga guro. Kung kaya't naisip ng mga mag-aaral na may madalang na suliranin sa dahilang sila ay minsan nahihirapang matuto sa wikang Filipino.

16. Ang dalawang grupo ng tagasagot ay may magkakaibang pananaw hinggil sa naturang suliranin sa dahilang magkaibang rin ang pagkasangkot nila dito. Ang mga guro ay actual na nakakaranas dito samantala ang mga mag-aaral ay mga tagapakinabang sa resulta ng pagtuturo ng mga guro na gamit ang mga piling tula. Kung kaya't naisip ng mga mag-aaral na may madalang na suliranin sa dahilang sila ay minsan nahihirapang makaintindi sa wikang Filipino sa pamamagitan ng mga piling tula.

17. Magkaiba ang pananaw ng mga guro at mga mag-aaral sa hinggil sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ayon sa kaangkupan ng mga gabay

pang-kurikulum, kasanayan sa paggamit ng tula sa pagtuturo at kawastuhan ng pang-ebalwasyong materyal. Samantala, ayon sa kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo, sila ay magkapareho.

18. Wala ni isa man sa mga profayl baryet ng mga gurong tagasagot ang napatunayang may kinalaman sa kanilang pananaw hinggil sa mga suliraning kinakahap sa pagtuturo ng mgs piling tula.

19. Ang saloobin hinggil sa wikang Filipino lamang sa mga profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot ang nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa kanilang pananaw hinggil sa suliraning kinakahap ng mga guro sa pagtuturo ng mgs piling tula. Ang ibang baryet ay walang kinalaman dito.

20. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay may kaaya-ayang akademikong performans sa kadahilanang ito ay lampas sa itinalaga na performans na 75.00 bahagdan.

21. Ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula ay may kinalaman sa akademikong performans ng mga mag-aaral.

Rekomendasyon

Mula sa mga konklusyon na nahango sa kinalabasan ng pag-aaral ang sumusunod ay ang mga tagubilin:

1. Sa napag-alaman sa pag-aaral na may suliranin na kinakaharap ang mga mag-aaral sa pagtuturo ng mga guro na

gamit ang mga piling tula kahit na ito ay madalang maranasan lamang dapat ito ay bigyan pansin ng mga guro upang ang mga mag-aaral ay matuto sa wikang Filipino.

2. Sa napag-alaman na ang kaaya-ayang saloobin ng mga mag-aaral ay nagbibigay ng makabuluhang kaugnayan sa kanilang pananaw hinggil sa mga suliraning kinaharap sa pagtuturo ng wikang Filipino, isang interbensyon ay maaaring isagawa ng mga guro upang mapanatili ang kanilang pagkawili sa pagkatuto sa wikang Filipino.

3. Sa napag-alaman din na ang mga suliraning kinaharap sa pagtuturo ng wikang Filipino ay may makabuluhang impluwensiya sa akademikong performans ng mga mag-aaral, ito ay dapat bigyan pansin ng mga guro upang ito ay malunasan sa pamagitan ng isang programang pang-interbensyon.

4. Isang panubaybay na pag-aaral ay maaaring isagawa upang mapagtibay ang mga kinalabasan sa pag-aaral na ito.

T A L A S A N G G U N I A N

A. MGA AKLAT

- Baisa-Julian, Ailene G., et al. Pinagymang Pluma 9. Lungsod ng Maynila: Phoenix Publishing House, 2015.
- Bruner, J.S. "The Role of Dialogue in Language Acquisition". In A. Sinclair, et al (Eds.), The Child's Concept of Language. New York: Springer-Verlag, 1987.
- Gagne, R. The Conditions of Learning. New York: Holt, Rinehart & Winston, 1985.
- Gagne, R., et al. Principles of Instructional Design. Forthworth, TX: HBJ College Publishers, 1992.
- Mangahis, Josefina C., et al. Komunikasyon sa Akademikong Filipino: Batayang Aklat sa Filipino 1. Manila: C & E Publishing, Inc., 2005.
- Pineda, Ponciano B.P. Agham at Teknolohiya: Maaari sa Filipino. Lungsod ng Quezon: Phoenix Publishing House, Inc., 1990.
- Pagkalinawan, M. et al. Filipino I: Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc., 2004.
- Richards, Jack C. & Renandya, Willy A. Methodology in Language Teaching. Cambridge: Cambridge University Press, 2003.
- Richards, J.C. & Rodgers, T.S. Approaches and Methods in Language Teaching. Cambridge: CUP, 2001.
- Sibayan, Bonifacio P. Ilang Suliranin sa Intelektwalisasyon ng Filipino. Lungsod ng Quezon: Phoenix Publishing House, Inc., 1990.

B. MGA DYORNAL/PERYODIKO/IBA PANG LATHALAIN

- Bobkina, J. & Dominguez, E. "The Use of Literature and Literary Texts in the EFL Classroom: Between Consensus and Controversy". International Journal of Applied Linguistics and English Literature, 3(2), 2014.
- Chanmann-Taylor, M., et al. "Teaching Poetry in TESOL Teacher Education: Heightened Attention to Language as well as to Cultural and Political Critique through Poetry Writing". TESOL Journal, 2016.

- Docking, R. "Competency-Based Curricula - The Big Picture". **Prospect**, 9(2), 2004.
- Fortunato, Teresita F. "Interaktibong Pagtuturo ng Wika". Papel na Binasa sa Pambansang Seminar sa Pagpapalakas-Tibay sa Pagtuturo: Nilalaman, Metodo, at Riserts, De La Salle University, Lungsod ng Maynila, 1999.
- Geronimo, Jee Y. "Mga guro, maging malikhain sa pagtuturo ng Filipino". **Rappler Philippines**, 2015.
- Grognet, A.G. & Crandall, J. "Competency-Based Curricula in Adult ESL". **ERIC/CLL New Bulletin**, 6:3, 2002.
- Kember, D. & Murphy, D. "Alternative New Directions for Instructional Design". **Educational Technology**, 30(8), 1990.
- Khatib, M. "A New Approach to Teaching English Poetry to ELF Students". **Journal of Language Teaching and Research**, 2(1), 2011.
- K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino, 2016
- Lewis, Beth. "TLM or Teaching Learning Materials Definition". **Thought.Co.**, 2018.
- McIlroy, T. "What Teachers Talk about when they talk about Poetry: Discussing Literary Texts in the University ELF Context". **The Journal of Literature in Language Teaching**, 2(1), 2013.
- Mittal, Reena. "Teaching English through Poetry: A Powerful Medium for Learning Second Language". **IOSR Journal of Humanities and Social Science**, Volume 19, Issue 5, Version III, 2014.
- Moore, J.N. "Practicing Poetry: Teaching to Learn and Learning to Teach". **English Journal**, 91(3), 2012.
- Pasion, Pher. "Pagtanggap ng Wikang Filipino sa Kurikulum ng CHED, binatikos ng mga guro, kabataan". **Pinoy Weekly**, 2014.
- Pressley, M. "Beyond Direct Explanation: Transactional Instruction of Reading Comprehension Strategies". **The Elementary School Journal**, Vol. 92, No. 5, 1989.

- Timbreza, Florentino T. "Mga Suliranin at iba Pang mga Balakid sa Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo". **Philippine e-Journal**, Vol 6, No 1, 1987.
- Trance, Aurora S. "Mga Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Matematika sa Filipino". **Philippine e-Journal**, Vol 12, No 1, 1994.
- Villanea, Adrian. "Makabagong Paraan ng Pagtuturo ng Filipino: Ang mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at ang Pamamaraang Komunikatib sa Pagtuturo ng Wika". **Philippine e-Journal**, Vol 10, No 1, 2017.
- Wood, D.J., et al. "The Role of Tutoring in Problem Solving". **Journal of Child Psychiatry and Psychology**, 17(2), 1976.
- Zafra, Galileo S. (2009). "Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12)". **Ateneo de Manila University Research Journal**, 2019.

C. MGA DI-NALATHALA AT NALATHALANG MATERİYAL

- Ancheta, Jeffrey R. "Language Learning Difficulties of Selected Foreign Students in National University, Philippines". Unpublished Master's Thesis, National University, Manila, 2017.
- Garcia, Ma. Flora May A. "Ang Suliranin at Pag-aangkop ng mga Guro ng Pamprbadong Paaralan sa Pagtuturo Gamit ang Di-Kinagisnang Wika sa Programang MTB-MLE". Di-Nalathalang Tesis, Pamantasan ng San Luis (Saint Louis University), Lungsod ng Baguio, 2014.
- Gonen, Safiye Ipek Kuru. "Implementing Poetry in the Language Class: A Poetry-Teaching Framework for Prospective English Language Teachers". Unpublished Dissertation, Anadolu University, 2018.
- Madula, Rowell. "Tayo na sa Wika'Skwela: Ang Papel ng Sining sa Pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga Bata at Kabataang Pilipino sa Venezia, Italya". Di-Nalathalang Disertasyon, De La Salle University, Lungsod ng Maynila, 2019.
- Ozen, Baki. "Teaching Vocabulary through Poetry in an EFL Classroom". Unpublished Master's Thesis, Cyprus International University, Turkey, 2012.

Ramos, Ermilyn P. "Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Guro sa Filipino sa Pagkalunsad ng MTB-MLE". Di-Nalathalang Tesis, Unibersidad ng San Jose Recoletos, Lungsod ng Cebu, 2013.

Royo, Jean L. "Mga Saloobin at Suliranin ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo de Davao High School". Di-Nalathalang Tesis, Ateneo de Davao University, Lungsod ng Davao, 2010.

Tasneen, Waseema. "Literary Texts in the Language Classroom: A Study of Teachers' and Students' Views at International Schools in Bangkok". Unpublished Master's Thesis, East West University, Bangladesh, 2018.

Ulla, Mark B. "English Language Teaching in Thailand: Filipino Teachers' Experiences and Perspectives". Unpublished Master's Thesis, Walailak University, Thailand, 2018.

Zamora, Niña Christina L. "Ang Filipino bilang Wika sa Matematika: Isang Palarawang Pagsusuri sa Kaso ng Isang Pribadong Paaralan". Di-Nalathalang Tesis, Pamantasang Normal ng Pilipinas, Lungsod ng Maynila, 2018.

D. MGA ELEKTRONIKONG MATERYAL

<http://kwf.gov.ph>, Disyembre 1, 2019

<https://rexinteractive.com>, Disyembre 4, 2019

<http://tl.answers.com>, Disyembre 1, 2019

<https://www.edglossary.org>, Disyembre 4, 2019

<https://www.edu.gov.mb.ca>, Marso 24, 2020

<https://www.encyclopedia.com>, Marso 24, 2020

<https://www.officialgazette.gov.ph>, Nobyembre 30, 2019

M G A A P E N D I K S

APENDIKS A**LIHAM PAHINTULOT SA PAGPAPATIBAY NG SULIRANIN**

Samar College
Catbalogan City

Nobyembre 4, 2019

DR. NIMFA T. TORREMORO

Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Mahal na Dekano:

Isang mapagpalang araw!

Magalang na ipinababatid ng nakalagda ang pagnanais na magsagawa ng isang panukalang tesis bilang pagtupad sa mga gawaing itinakda ng degrading, Master ng Edukasyon, medyor sa Filipino. Kaugnay nito, nais kong isumite ang sumusunod na mga paksa ng nais kong sulating panukalang tesis, na may partikular na interes sa unang paksa:

1. **SULIRANING KINAKAHARAP SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG WIKA GAMIT ANG MGA PILING TULA**
2. MGA SALIK NA NAKAAPEKTO SA ANTAS NG KASANAYAN SA PAGSASALITA SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAWALONG BAITANG NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR
3. ANG ANTAS NG KAKAYAHAN SA PAGSASALITA AT AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA SA IKAWALONG BAITANG NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR

Kaugnay rin po nito, nais ko pong hingin ang inyong pahintulot na makapagsimula sa pagsulat ng aking pananaliksik. Ang inyong pahintulot ay aking lubos na kikilalanin at pasasalamatan. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **BERNADETH I. ABANTAO**
Mananaliksik

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana

APENDIKS B**LIHAM PAGTATAKDA NG TAGAPAYO**

Republic of the Philippines
Commission on Higher Education
Region VIII

SAMAR COLLEGES, INC.
COLLEGE OF GRADUATE STUDIES
City of Catbalogan

PANGALAN : BERNADETH I. ABANTAO

KURSO : Master sa Sining ng Edukasyon

MIDYUR : Filipino

PAMAGAT NG TESIS : **SULIRANING KINAKAHARAP SA PAGTUTURO NG
AT PAGKATUTO NG WIKA GAMIT ANG MGA
PILING TULA**

TAGAPAYO : CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD

(LGD.) **BERNADETH I. ABANTAO**
Pangalan ng mga Mananaliksik

Conforme:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

APENDIKS C

TALATANUNGAN PARA SA MGA MAG-AARAL

Samar College
Catbalogan City

Marso 3, 2020

Mahal na mga Tagasagot:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika Gamit ang mga Piling Tula"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa akin na kayo ay maging isa sa mga tagasagot sa pag-aaral na ito.

Makakaasa po kayong ang inyong mga pribadong impormasyon ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungang ito ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Dagdag pa rito, ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay ibabahagi sa inyo upang magsilbing fidbak para sa pagpapabuti ng inyong paggamit ng Wikang Filipino.

Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **BERNADETH I. ABANTAO**
Mananaliksik

Talatanungan para sa mga Mag-aaral

Unang Bahagi. Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Panuto: Ang bahaging ito ay binubuo ng mga aytem hinggil sa inyong mga personal na katangian. Pakipunan ang mga puwang ng tamang impormasyon at/o lagyan ng tsek ang mga puwang sa bawat aytem.

Pangalan _____

(Opsyonal/Pwedeng Hindi Sagutan)

1. Gulang _____ 2. Kasarian () Lalaki () Babae

3. Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya

- () Php 5,000.00 at pababa
- () Php 5,001.00 - Php 10,000.00
- () Php 10,001.00 - Php 15,000.00
- () Php 15,001.00 - Php 20,000.00
- () Php 20,001.00 at pataas

4. Sanligang Edukasyon ng mga Magulang

Tatay	Nanay
() Nakapagtapos ng Elementarya	()
() Umabot ng Elementarya pero Hindi Nakapagtapos	()
() Nakapagtapos ng Sekundarya	()
() Umabot ng Sekundarya pero Hindi Nakapagtapos	()
() Gradwado ng Kolehiyo	()
() Umabot ng Kolehiyo pero Hindi Nakapagtapos	()
() Gradwado ng Gradwadong Pag-aaral	()
() May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral	()

5. Hanapbuhay ng mga Magulang

Tatay	Nanay
() Nagtatrabaho sa Pamublikong Opisina	()
() Nagtatrabaho sa Pribadong Opisina	()
() Nagtuturo sa Pamublikong Paaralan	()
() Nagtuturo sa Pribadong Paaralan	()
() May Sariling Negosyo (Self-Employed)	()
() Nagpapraktis ng Propesyon (Pagiging Doktor)	()
() Naglilingkod sa Sandatahang Lakas (AFP)	()
() Naglilingkod sa Sangay ng Kapulisan (PNP)	()
() Nagtatrabaho bilang Manggagawa sa Labas ng Bansa	()
() Nasa Bahay Lamang	()
() Iba pa, pakilagay _____	

6. Huling Marka sa Filipino 7 _____

Ikalawang Bahagi. Saloobin Hinggil sa Wikang Filipino

PANUTO: Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng 10 pangungusap na sumasalamin sa inyong mga saloobin hinggil sa wikang Filipino. Pakilagyan ng tsek (/) ang kolum ng inyong sagot gamit bilang gabay ang limang puntong iskala sa ibaba:

- 5 - Lubos na Sumasang-ayon (LS)
- 4 - Sumasang-ayon (S)
- 3 - Hindi Tiyak (HT)
- 2 - Hindi Sumasang-ayon (HS)

1 - Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS)

Mga Saloobin	Mga Sagot				
	LS (5)	S (4)	HT (3)	HS (2)	LHS (1)
11. Ang wikang Filipino ay nakatututlong sa pagpapaunlad ng kognitibong aspeto ng isang mag-aaral.					
12. Ang wikang Filipino ay makatutulong upang hubugin ang katangian ng mga mag-aaral bilang mga Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pagkakakilanlan.					
13. Ang wikang Filipino ay makatutulong upang mabuksan ang maraming pagkakataon para sa kakailanganing trabaho sa hinaharap ng mga mag-aaral.					
14. Mahirap matutunan ang mga alintunin sa paggamit at pagsasalita ng wikang Filipino lalo na sa bokabularyo at gramatika nito.					
15. Nakakatakot at nakakahiya ang makapagtala ng mga mali sa pagsasalita ng wikang Filipino sa isang pormal na talakayan lalo na pagdating sa gramatika at iba pang kayarian ng wika.					
16. Masarap pakinggan sa tainga ang pagsasalita ng wikang Filipino.					
17. Hindi nakatutulong sa pagpapaunlad ng pang-akademikong pagganap sa lahat ng asignatura ang pagiging matatas magsalita ng wikang Filipino.					
18. Ang pagtatamo ng mataas na antas ng kakayahan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat ay makatutulong upang paunlarin ang pagiging maaalam sa wikang Filipino.					

19. Hindi masyadong nakatutulong ang wikang Filipino sa pagpapapaangat sa bansa sa pandaigdigang kalakalan dahil hindi maiintindihan ng mga banyaga ang wika.					
20. Hindi masyadong napapansin ang isang mag-aaral kung nagsasalita ng wikang Filipino kaysa sa Wikang Ingles.					

Ikatlong Bahagi. Pananaw Hinggil sa mga Suliraning Kinakaharap ng mga Guro sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula

PANUTO: Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng 40 pangungusap na sumasalamain sa inyong mga pananaw hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng inyong mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula. Pakilagyan ng tsek (/) ang kolum ng inyong sagot gamit bilang gabay ang limang puntong iskala sa ibaba:

- 5 - Palaging Nararanasan (PS)
- 4 - Malimit Maranasan (MM)
- 3 - Madalang Maranasan (MngM)
- 2 - Hindi Gaanong Nararanasan (HGN)
- 1 - Hindi Nararanasan (HN)

Indekeytor	Mga Sagot				
	PS (5)	MM (4)	MngM (3)	HGN (2)	HN (1)
A. Kaangkupan ng mga Kagamitang Pampagtuturo					
12. Hindi tiyak ang lawak at saklaw ng mga kagamitang pampagtuturo na naglalaman ng mga piling tula, kagaya ng mga biswal na materyal na may mga halimbawa ng mga piling tula					
13. Walang katuturang mga aklat na binibigyang pansin ang mga tula bilang dulog sa pag-aaral ng wika					
14. Hindi angkop na mga modyul at iba pang mga					

kagamitang pampagkatuto, halimbawa ang mga modyul na walang mga iba't ibang varayti ng mga tula na maaaring magamit sa pagtuturo ng wika					
15. Hindi pagkakaroon ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo kagaya ng mga brochures, leaflets, at iba pang mga babasahin na mayroong mayamang halimbawa ng mga piling tula na maaaring magamit upang matutunan ang wikang Filipino					
16. Hindi angkop na paggamit ng mga piling tula na makukuha sa sosyal midya kagaya ng laganap na spoken poetry na makukuha kadalasan sa mga vlogs sa YouTube, sa Facebook, sa Instagram, at mga kahalintulad na midya					
17. Hindi pagkakaroon ng isang laboratoryo para sa paghahasa sa kakayahang komunikatibo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula					
18. Walang magandang istruktura para sa klasrum pangwika sa Filipino na kompleto sa mga tula					
19. Walang sapat na kompyuter na mayroong mga applications na panulaan kung saan makikita ng mga mag- aaral ang iba't ibang uri ng tula na makapagpapaunlad ng					

kanilang kakayahan sa wikang Filipino					
20. Hindi angkop na mga dulong sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula kagaya ng interaktibong dulong, integratibong dulong, at iba pa					
21. Walang mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula					
B. Kaangkupan ng mga Gabay Pang-Kurikulum					
11. Hindi klarong pagkakahati-hati ng oras sa pag-aaral ng Filipino ayon sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino sa Baitang 8, lalo na sa paggamit ng iba't ibang lunsaran sa pagkatuto kagaya ng mga piling tula					
12. Hindi klarong pagkakahanay ng mga kompetensi sa pagkatuto sa Filipino at ang kaakibat na mga dulong kagaya ng paggamit ng mga tula sa pagtuturo nito sa mga mag-aaral					
13. Walang sapat na mga learners' at teachers' guide na angkop sa paggamit ng mga piling tula sa pagtuturo at pagkatuto sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino					
14. Hindi angkop na mga takdang gawain sa klasrum pangwika sa Filipino gamit ang mga piling tula					

15. Hindi angkop na mga layuning pangwika sa Filipino batay sa mga tiyak na aralin na nakasaad sa banghay aralin ng bawat mga guro, lalo na sa paggamit ng mga piling tula					
16. Walang kaangkupan ang mga banghay aralin sa Filipino na nakatuon sa mga piling tula bilang dulog sa pagtuturo ng wika					
17. Walang mga tiyak na kompetensi sa wika na nagtuturo sa paggamit ng mga piling tula bilang mahalagang dulog upang mapaunlad ang pagkatuto sa Wika sa isang tiyak na aralin sa tamang oras at panahon ng pagtuturo					
18. Walang mga tiyak at angkop na pedagohikal na kagamitan ng mga guro na nagbibigay ng instruksyon sa paggamit ng mga piling tula					
19. Hindi nabibigyan ng pansin sa masusing banghay aralin sa Filipino ang mga piling tula bilang sentro ng lahat ng mga gawain					
20. Walang masyadong mga kompetensi na ayon sa panulaan para sa mga mag-aaral					
C. Kasanayan sa Paggamit ng Tula sa Pagtuturo					
11. Walang sapat na salingkurang pagsasanay sa paggamit ng mga tula sa pagtuturo ng wika					
12. Hindi masyadong mataas na edukasyong					

natamo na magbibigay ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula					
13. Maikling panahong ginugol sa pag-aaral ng pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula					
14. Hindi pagiging maalam sa iba't ibang istrategiya ng pagtuturo na gamit ang tula para sa wika					
15. Hindi pagiging maalam sa iba't ibang uri ng mga tula na maaaring gamitin sa pagtuturo ng wika					
16. Hindi tamang paggamit ng oras at panahon na maituro ang wika gamit ang mga piling tula					
17. Hindi pagkakaroon ng malay sa kakayahan ng mga mag-aaral na matutunan ang wika gamit ang mga tula					
18. Walang gaanong kaalaman sa kayarian at struktura ng mga tula na aangkop sa bawat aspeto ng wika na ituturo sa mga mag-aaral					
19. Walang mga kagamitang pang-sariling ebalwasyon ng pagiging wasto ng mga piling tula sa bawat kompetensi na kailangang matamo sa bawat mag-aaral ng wika					
20. Hindi pagiging maalam sa lahat ng mga kaganapan hinggil sa wikang Filipino					

D. Kawastuhan ng mga Pang-Ebalwasyong Materyal					
11. Hindi pagbibigay ng panahon na makita at matuos ang bawat output ng bawat isang mag-aaral sa wika na gamit ang mga piling tula bilang lunsaran					
12. Hindi maayos na mekanismo ng fidbak para sa mga mag-aaral at sa kanilang mga magulang na makakuha ng impormasyon hinggil sa pang-akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pangkahalatan, at sa wikang Filipino, sa katiyakan					
13. Hindi klaro at maayos na tseklist na naglalaman ng mga rubriks na kailangang gamitin sa pagtataya ng pang-akademikong performans sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula					
14. Walang talahanayan ng ispisikasyon upang mataya nang maayos ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wika gamit ang mga piling tula					
15. Hindi pagsumite ng angkop na item analyser upang matukoy ang kahinaan ng mga mag-aaral sa aspeto ng wika kung gamit ang mga piling tula					
16. Hindi napapanahong pagtataya ng kakayahan sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga pagsusulit sa panulaan					

17. Hindi napapanahong pagsusulit na pagsusuri o diagnostic tests kagaya ng mga lagumang pagsusulit para sa kaalaman sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula					
18. Hindi pagtalakay sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula sa harap ng mga magulang sa bawat portfolio day sa bawat markahan					
19. Walang bulletin ng mga resulta ng mga pagsusulit ng mga mag-aaral sa kanilang asignaturang Filipino					
20. Walang panahunang pagtataya sa pang-wikang pagganap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino gamit ang mga piling tula					

Maraming salamat po!

APENDIKS D

TALATANUNGAN PARA SA MGA GURO

Samar College
Catbalogan City

Marso 3, 2020

Mahal na mga Tagasagot:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika Gamit ang mga Piling Tula"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa akin na kayo ay maging isa sa mga tagasagot sa pag-aaral na ito.

Makakaasa po kayong ang inyong mga pribadong impormasyon ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungang ito ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Dagdag pa rito, ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay ibabahagi sa inyo upang magsilbing fidbak para sa pagpapabuti ng inyong paggamit ng Wikang Filipino.

Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **BERNADETH I. ABANTAO**
Mananaliksik

Talatanungan para sa mga Guro

Unang Bahagi. Profayl ng mga Gurong Tagasagot

Panuto: Ang bahaging ito ay binubuo ng mga aytem hinggil sa inyong mga personal na katangian. Pakipunan ang mga puwang ng tamang impormasyon at/o lagyan ng tsek ang mga puwang sa bawat aytem.

Pangalan _____

(Opsyonal/Pwedeng Hindi Sagutan)

1. Gulang _____
2. Kasarian () Lalaki () Babae
3. Katayuang Sibil () Walang Asawa
 () May Asawa
 () Hiwalay sa Asawa
 () Biyuda/Biyudo
4. Kabuuang Buwanang Kita
 () Php 20,000.00 at pababa
 () Php 20,001.00 - Php 25,000.00
 () Php 25,001.00 - Php 30,000.00
 () Php 30,001.00 - Php 35,000.00
 () Php 35,001.00 at pataas
5. Mataas na Edukasyong Natamo
 () Batsilyer na Edukasyon
 () May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral
 () May Degri sa Gradwadong Pag-aaral
6. Dami ng Salingkurang Pagsasanay na Nalahukan
 () Pampaaralang Pagsasanay
 () Isa - Limang Pagsasanay
 () Anim - 10 Pagsasanay
 () 11 at Mataas sa 11 na Pagsasanay
 () Pampurok na Pagsasanay
 () Isa - Limang Pagsasanay
 () Anim - 10 Pagsasanay
 () 11 at Mataas sa 11 na Pagsasanay
 () Pansangay na Pagsasanay
 () Isa - Limang Pagsasanay
 () Anim - 10 Pagsasanay
 () 11 at Mataas sa 11 na Pagsasanay
 () Panrehiyunal na Pagsasanay
 () Isa - Limang Pagsasanay
 () Anim - 10 Pagsasanay
 () 11 at Mataas sa 11 na Pagsasanay
 () Pang-Nasyunal na Pagsasanay
 () Isa - Limang Pagsasanay
 () Anim - 10 Pagsasanay
 () 11 at Mataas sa 11 na Pagsasanay
7. Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino
 () Isang Taon at Pababa
 () Isang Taon at Isang Araw - Limang Taon
 () Limang Taon at Isang Araw - 10 Taon
 () 10 Taon at Isang Araw - 15 Taon
 () 15 Taon at Isang Araw - 20 Taon
 () 20 Taon at Isang Araw at Pataas

Ikalawang Bahagi. Saloobin Hinggil sa Pagtuturo ng Filipino

PANUTO: Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng 10 pangungusap na sumasalamin sa inyong mga saloobin hinggil sa pagtuturo ng Filipino. Pakilagyan ng tsek (/) ang kolum ng inyong sagot gamit bilang gabay ang limang puntong iskala sa ibaba:

5 - Lubos na Sumasang-ayon (LS)

4 - Sumasang-ayon (S)

3 - Hindi Tiyak (HT)

2 - Hindi Sumasang-ayon (HS)

1 - Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS)

Mga Saloobin	Mga Sagot				
	LS (5)	S (4)	HT (3)	HS (2)	LHS (1)
1. Ang pagtuturo ng Filipino ay hindi madaling gawin dahil sa likas na kayarian ng wikang Filipino na siyang midyum na ginagamit.					
2. Ang pagtuturo ng Filipino ay madaling gawin sa tulong ng iba't ibang uri ng panitikan kagaya ng mga tula.					
3. Ang istruktura ng wikang Filipino ang pinakamatinding salik na nakapagpapahirap sa pagtuturo ng Filipino.					
4. Ang iba't ibang mga estratehiya at mga kagamitang pampagtuturo ang nakapagpapadali sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral.					
5. Ang likas na kawalan ng kawilihan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ang isa sa nagpapahirap sa pagtuturo ng Filipino kahit pa gamit ang mga piling tula.					
6. Ang pagtuturo ng wika ay kaaya-ayang karanasan para sa isang guro dahil nagbibigay ito ng kabuluhan ng pagiging isang ganap na Filipino.					
7. Ang pagtuturo ng wika ay isang kawili-wiling karanasan na					

bumubuo sa kabuuan ng pagkatao ng isang guro ng wika.					
8. Ang binagong ortograpiyang Filipino ay isa sa mga balakid sa pagtatamo ng mataas na antas na kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.					
9. Ang mismong mga panuntunan ng bansa hinggil sa pagiging opsyonal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo ang isa sa mga malakas na pwersa na nakapagpapababa ng loob sa mga gurong nagtuturo nito.					
10. Ang pagtuturo ng wika ay isang adhikaing palaguin ang Wikang Filipino bilang isang matatag at makabuluhang wika.					

Ikatlong Bahagi. Pananaw Hinggil sa mga Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang mga Piling Tula

PANUTO: Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng 40 pangungusap na sumasalamin sa inyong mga pananaw hinggil sa mga suliraning inyong kinakaharap sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula. Pakilagyan ng tsek (/) ang kolum ng inyong sagot gamit bilang gabay ang limang puntong iskala sa ibaba:

- 5 - Palaging Nararanasan (PS)
- 4 - Malimit Maranasan (MM)
- 3 - Madalang Maranasan (MngM)
- 2 - Hindi Gaanong Nararanasan (HGN)
- 1 - Hindi Nararanasan (HN)

Indekeytor	Mga Sagot				
	PS (5)	MM (4)	MngM (3)	HGN (2)	HN (1)
A. Kaangkupan ng mga Kagamitang Pampagtuturo					
1. Hindi tiyak ang lawak at saklaw ng mga kagamitang pampagtuturo na naglalaman ng mga piling tula, kagaya ng mga biswal na materyal na may mga halimbawa ng mga piling tula					

2. Walang katuturang mga aklat na binibigyang pansin ang mga tula bilang dulong sa pag-aaral ng wika					
3. Hindi angkop na mga modyul at iba pang mga kagamitang pampagkatuto, halimbawa ang mga modyul na walang mga iba't ibang varayti ng mga tula na maaaring magamit sa pagtuturo ng wika					
4. Hindi pagkakaroon ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo kagaya ng mga brochures, leaflets, at iba pang mga babasahin na mayroong mayamang halimbawa ng mga piling tula na maaaring magamit upang matutunan ang wikang Filipino					
5. Hindi angkop na paggamit ng mga piling tula na makukuha sa sosyal midya kagaya ng laganap na spoken poetry na makukuha kadalasan sa mga vlogs sa YouTube, sa Facebook, sa Instagram, at mga kahalintulad na midya					
6. Hindi pagkakaroon ng isang laboratoryo para sa paghahasa sa kakayahang komunikatibo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula					
7. Walang magandang istruktura para sa klasrum pangwika sa Filipino na kompleto sa mga tula					

8. Walang sapat na kompyuter na mayroong mga applications na panulaan kung saan makikita ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng tula na makapagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa wikang Filipino					
9. Hindi angkop na mga dulong sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula kagaya ng interaktibong dulong, integratibong dulong, at iba pa					
10. Walang mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula					
B. Kaangkupan ng mga Gabay Pang-Kurikulum					
1. Hindi klarong pagkakahati-hati ng oras sa pag-aaral ng Filipino ayon sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino sa Baitang 8, lalo na sa paggamit ng iba't ibang lunsaran sa pagkatuto kagaya ng mga piling tula					
2. Hindi klarong pagkakahanay ng mga kompetensi sa pagkatuto sa Filipino at ang kaakibat na mga dulong kagaya ng paggamit ng mga tula sa pagtuturo nito sa mga mag-aaral					
3. Walang sapat na mga learners' at teachers' guide na angkop sa paggamit ng mga piling tula sa pagtuturo at pagkatuto sa wikang					

Filipino ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino					
4. Hindi angkop na mga takdang gawain sa klasrum pangwika sa Filipino gamit ang mga piling tula					
5. Hindi angkop na mga layuning pangwika sa Filipino batay sa mga tiyak na aralin na nakasaad sa banghay aralin ng bawat mga guro, lalo na sa paggamit ng mga piling tula					
6. Walang kaangkupan ang mga banghay aralin sa Filipino na nakatuon sa mga piling tula bilang dulog sa pagtuturo ng wika					
7. Walang mga tiyak na kompetensi sa wika na nagtuturo sa paggamit ng mga piling tula bilang mahalagang dulog upang mapaunlad ang pagkatuto sa Wika sa isang tiyak na aralin sa tamang oras at panahon ng pagtuturo					
8. Walang mga tiyak at angkop na pedagohikal na kagamitan ng mga guro na nagbibigay ng instruksyon sa paggamit ng mga piling tula					
9. Hindi nabibigyan ng pansin sa masusing banghay aralin sa Filipino ang mga piling tula bilang sentro ng lahat ng mga gawain					
10. Walang masyadong mga kompetensi na ayon sa panulaan para sa mga mag-aaral					

C. Kasanayan sa Paggamit ng Tula sa Pagtuturo					
1. Walang sapat na salingkurang pagsasanay sa paggamit ng mga tula sa pagtuturo ng wika					
2. Hindi masyadong mataas na edukasyong natamo na magbibigay ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula					
3. Maikling panahong ginugol sa pag-aaral ng pagtuturo ng wika gamit ang mga piling tula					
4. Hindi pagiging maalam sa iba't ibang istrategiya ng pagtuturo na gamit ang tula para sa wika					
5. Hindi pagiging maalam sa iba't ibang uri ng mga tula na maaaring gamitin sa pagtuturo ng wika					
6. Hindi tamang paggamit ng oras at panahon na maituro ang wika gamit ang mga piling tula					
7. Hindi pagkakaroon ng malay sa kakayahan ng mga mag-aaral na matutunan ang wika gamit ang mga tula					
8. Walang gaanong kaalaman sa kayarian at struktura ng mga tula na aangkop sa bawat aspeto ng wika na ituturo sa mga mag-aaral					
9. Walang mga kagamitang pang-sariling ebalwasyon ng pagiging wasto ng mga piling tula sa bawat kompetensi na kailangang matamo sa bawat mag-aaral ng wika					
10. Hindi pagiging maalam sa lahat ng mga kaganapan					

hinggil sa wikang Filipino					
D. Kawastuhan ng mga Pang-Ebalwasyong Materyal					
1. Hindi pagbibigay ng panahon na makita at matuos ang bawat output ng bawat isang mag-aaral sa wika na gamit ang mga piling tula bilang lunsaran					
2. Hindi maayos na mekanismo ng fidbak para sa mga mag-aaral at sa kanilang mga magulang na makakuha ng impormasyon hinggil sa pang-akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pangkahalatan, at sa wikang Filipino, sa katiyakan					
3. Hindi klaro at maayos na tseklist na naglalaman ng mga rubriks na kailangang gamitin sa pagtataya ng pang-akademikong performans sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula					
4. Walang talahanayan ng ispisikasyon upang mataya nang maayos ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wika gamit ang mga piling tula					
5. Hindi pagsumite ng angkop na item analyser upang matukoy ang kahinaan ng mga mag-aaral sa aspeto ng wika kung gamit ang mga piling tula					
6. Hindi napapanahong pagtataya ng kakayahan sa wika ng mga mag-aaral					

gamit ang mga pagsusulit sa panulaan					
7. Hindi napapanahong pagsusulit na pagsusuri o diagnostic tests kagaya ng mga lagumang pagsusulit para sa kaalaman sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula					
8. Hindi pagtalakay sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral gamit ang mga piling tula sa harap ng mga magulang sa bawat portfolio day sa bawat markahan					
9. Walang bulletin ng mga resulta ng mga pagsusulit ng mga mag-aaral sa kanilang asignaturang Filipino					
10. Walang panahunang pagtataya sa pang-wikang pagganap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino gamit ang mga piling tula					

Maraming salamat po!

APENDIKS E

LIHAM PAGHINGI NG PAHINTULOT SA PANSANGAY NA TAGAMASID NG SANGAY NG LUNGSOD NG CATBALOGAN

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Marso 3, 3030

DR. CARMELA R. TAMAYO

OIC, Tanggapan ng Pansangay na Tagapamahala
Sangay ng Lungsod ng Catbalogan
Lungsod ng Catbalogan

Sa pamamagitan ni:

DR. MA. LINDA S. LEGARSE

Senior Education Program Specialist for Planning and Research
School Governance and Operations Division (SGOD)

Madame:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "**Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika Gamit ang mga Piling Tula**" bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa akin na maisagawa ko ang aking pag-aaral sa mga piling mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng paaralang ito.

Makakaasa po kayong iingatan ang mga pribadong impormasyon ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga makakalap na datos mula sa kanila ay gagamitin para lamang sa pag-aaral na ito. Dagdag pa rito, ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay ibabahagi sa inyo upang magsilbing fidbak para sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto sa Filipino.

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **BERNADETH I. ABANTAO**
Mananaliksik

Binigyang Puna:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Mungkahing Pagpapatibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(LGD.) **CARMELA R. TAMAYO, PhD**
OIC, Pansangay na Tagapagmasid

APENDIKS F

LIHAM PAGHINGI NG PAHINTULOT SA PUNONG-GURO NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Marso 3, 2020

GNG. RUTH D. CABANGANAN

Punong-Guro
Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan

Madame:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"Suliraning Kinakaharap sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika Gamit ang mga Piling Tula"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa akin na maisagawa ko ang aking pag-aaral sa mga piling mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng paaralang ito.

Makakaasa po kayong iingatan ang mga pribadong impormasyon ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga makakalap na datos mula sa kanila ay gagamitin para lamang sa pag-aaral na ito. Dagdag pa rito, ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay ibabahagi sa inyo upang magsilbing fidbak para sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto sa Filipino.

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **BERNADETH I. ABANTAO**
Mananaliksik

Binigyang Puna:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Mungkahing Pagpapatibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(LGD.) **RUTH D. CABANGANAN**
Punong-Guro

K U R I K U L U M V I T A

PANGALAN	:	BERNADETH I. ABANTAO
LUGAR NG KAPANGANAKAN	:	Lungsod ng Mandaluyong
PETSA NG KAPANGANAKAN	:	Hulyo 10, 1993
KATAYUANG SIBIL	:	Walang Asawa
TIRAHAN	:	Brgy. Bucalan Hinabangan, Samar
TATAY	:	Florentino C. Abantao
NANAY	:	Juliet I. Abantao
POSISYON	:	Teacher I
PINAGTATRABAHUHAN	:	Pambansang Paaralan ng Samar

MGA EDUKASYONG NATAMO

Elementarya	:	Osmena Elementary School Brgy. Osmena Hinabangan, Samar Taong Panuruan 2005-2006
Sekundarya	:	Hinabangan National HS Hinabangan, Samar Taong Panuruan 2009-2010
Kolehiyo	:	Samar Colleges, Inc. Catbalogan City Taong Panuruan 2014-2015
Kurso	:	BATSILYER SA SEKUNDARYANG EDUKASYON (Filipino)
Gradwadong Pag-aaral	:	Samar Colleges, Inc. Catbalogan City Taong Panuruan 2019-2020
Kurso	:	MASTER SA SINING NG EDUKASYON (Filipino)

ELIGIBILITY

Licensure Examination for Teachers
September 20, 2015
Tacloban City

WORK EXPERIENCES

Secondary School Teacher I
Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan
Enero 7, 2016-Kasalukuyan

SALINGKURANG PAGSASANAY NA DINALUHAN

Pampaaralang Pagsasanay (INSET) on the Integration of Project-Based Learning Approach in the K to 12 Assessment Strategies, Pambansang Paaralan ng Samar, Lungsod ng Catbalogan, Oktubre 30, 2017

Division-Based Training on Coaching and Officiating School Sports, DepEd, City Schools Division of Catbalogan, Catbalogan City, November 3-5, 2017

Technical Officiating Official for Arnis, DepEd, City Schools Division of Catbalogan, November 15-18, 2017

Division Teacher's Induction Program, DepEd, City Schools Division of Catbalogan, November 27-29, 2017

Panrehiyong Pagsasanay ng mga Guro sa Filipino sa Kritikal na Nilalaman ng Kurikulum (Baitang 7), Lungsod ng Tacloban, Hulyo 26-30, 2018

Pampaaralang Pagsasanay (INSET), Pambansang Paaralan ng Samar, Departamento ng Filipino, Lungsod ng Catbalogan, Oktubre 24-26, 2018

Pampaaralang Pagsasanay (INSET), Departamento ng Filipino, Pambansang Paaralan ng Samar, Lungsod ng Catbalogan, Oktubre 21-25, 2019

